# Ang Paglilingkod sa Diyos nang Labas sa Kanyang Kalooban

Jeffersonville, Indiana USA

Hulyo 18,1965

1 Manatili tayong nakatayo ngayon sa loob ng isang saglit habang nananalangin tayo. Magsiyuko tayo.

Panginoon, nagagalak kami sa umagang ito na nmakabalik sa tahanan ng Diyos sa isa na namang paglilingkkod. At dalangin namin, Diyos, na ituwid Mo nawa kami sa umagang ito sa lahat ng aming mga pagkakamali. Ituro Mo sa amin ang landasing itinakda Mong lakaran namin, at ipagkaloob Mo sa amin ang Iyong biyaya at pag-ibig, upang magawa naming sundin ang mga landasin at mga alituntuning iyon nang taos sa aming puso, upang masumpungan kami sa araw na iyon kay Cristo, walang kapintasan, dahil naniniwala kami, Panginoon, na malapit na Siyang magpakita.

At napagtatanto namin na narito na kami sa oras kung kailan ay hindi na malaman ng mga bansa kung ano ang dapat gawin. May isa na namang digmaang magaganap, tila baga. Magiging malagim iyon. Nawawasak ang lupa, sinasabi ng mga scientist na may nakatatakot na bagay na napipintong maganap. Nakikita naming nangungusap ang Biblia tungkol dito. Kung gayon, Panginoon, tulungan Mo po kami ngayong tumayo dito sa loob ng bahay ng pagsaway, at tumanggap ng utos mula sa aming Diyos na kami'y sumulong sa oras na ito ng kadiliman, upang magpasilay kami ng Liwanag, dahil ito na marahil ang huling pagkakataon namin upang isagawa ito. Pagkat hinihiling namin ito sa Ngalan ni Jesus at alang-alang sa Kaniya. Amen. (Makauupo na kayo.)

2 Totoong itinuturing kong isang pribilehiyo ang makaparito ako sa tabernakulo sa umagang ito. At ikinalulungkot naming hindi sapat ang dami ng upuan namin para sa inyo. At punung-puno ang lugar na ito, at kung saansaan nakatayo ang mga tao sa labas... Kayong mga nasa labas, naririnig ninyo ito sa inyong mga radyo, nalimutan ko...[Sinabi ni Brother Neville kay Brother Branham kung anong istason ito maaaring pakinggan -Ed.]...55 hanggang 57. Kayong mga nasa labas diyan sa paradahan ng sasakyan pati na ang mga nasa kalsada, maririnig ninyo ito sa inyong mga radyo sa pagitan ng 55 at 57 sa inyong pihitan. Kaya't sinikap naming...

Pabalik na sana ako rito, upang—subukang magdaos ng mga sampung araw na gawain upang ipangusap ang tungkol sa pakasang Ang Huling Pitong Mangkok; dahil nasa pagitan ng mga Mangkok na iyon ang mga Pakakak. At sinasabi ko sa inyo sa...nung ipinangangaral ko na ang Pitong Pakakak, na iuugnay ko ang mga iyon sa mga Mangkok at sa mga Salot. At sa palagay ko'y magiging magandang pagkakataon ito; Kababalik ko pa lang mula sa Africa, at—at hindi pa nakakapgbakasyon ang mga bata. Ang anak kong si Joseph, ay nag—ay medyo nag—kailangan niyang mag-aral ng ilang linggo sa kaniyang pagbabasa. Pumasa naman siya, pero hindi pa siya gaanong marunong. Kaya't doon namin siya pinatigil sa Tucson upang—habang nasa Africa ako, at ipinagpatuloy niya nag pag-aaral niya ng pagbabasa para siya makahabol, sa isang day school doon. At saka kami bumalik. At naisip ko na habang nagbabakasyon ang mga bata ay magdadaos ako ng maliit na gawain dito sa piling ng mga tagarito at ipangangaral ko ang mga paksang ito. Ngunit pagdating namin dito, nalaman naming hindi pala natin makukuha ang auditorium.

3 At alam kong hindi sapat ang laki ng tabernakulo para makaupo lahat ang mga tao at upang maging komportable sila na siya namang dapat kapag sila'y—kapag ipinangangaral ko ang mensaheng ito, kaya kinailangan naming gu—gumawa ng ibang paghahanda. At sa halip na magdaos tayo ng sampung araw na binabalak sana nating idaos, buweno, ginawa kong dalawang gawain na lamang sa araw ng Linggo—sa Linggong ito, sa darating na Linggo, at sa susunod na Linggo, dalawang gawain, nang sa gayon...At hindi namin ipinatalastas ito. At kung sakaling may nakabalita na ang gawain ay magsisimula sa ika-28, asa auditorium ng paaralan, kung pinahintulot ng Diyos, buweno kung may mga kaibigan kayo na nagpareserba na sa mga motel, kung ako sa inyo ay i—ipapakansela ko na iyon (Kita n'yo?), sapagkat ito'y—upang sila—hindi natin iyon magagamit. Hindi nila makuha ang—ang auditorium ng paaralan.

4 At ngayon, nais kong mangusap tungkol sa—isang gawaing pangebanghelyo sa Linggo ng umaga. At sa Linggo ng gabi ay nais kong magdaos ng panalangin para sa mga maysakit. At umaasa tayong kakatagpuin ng Diyos ang mga taong maysakit. Hindi ko alam kung paano kayong aasikasuhin ni Billy Paul, marahil ay mamimigay siya ng mga prayer card, o anumang paraan iyon, para lang makuntrol ang kongregasyon. Datapuwat gagawin namin ang magagawa namin para maipanalangin ang lahat sa susunod na tatlong linggkong ito kung kailan ay nilalayon nating magdaos ng mga gawain, kung kalooban ng Panginoon.

At bukod dito, kadalasan ay mayroon tayong mga personal na pakikipanayam, may taong gustong makipag-usap sa iyo sandali tungkol sa isang bagay, o anumang bagay na tulad nito. At tayo'y mag...Ilan ba sa mga naririto ang gustong magkaroon ng personal na pakikipanayam, tingan natin ang mga kamay n'yo. Wow! Sino ang ayaw? Kaya nga, tayo'y...

Tila mahihirapan kayong makuha iyon kaya isulat na lang ninyo ang mga kahilingan ninyo at ipadala na lang ninyo ang mga iyon, ibigay ninyo ang mga iyon kay Billy, at pagkatapos ay maaari ko nang kunin ang ma iyon doon. At ngayon, iaanunsiyo niya ang tungkol sa—wari ko'y ang tungkol sa mga prayer

card, kung kailan ipapamahagi ang mga iyon.

5 Ilan ba sa mga kapatirang mangangaral ang naririto sa umagang ito? Hindi pa tayo nagkakaroon ng pagkakataon upang, sa palagay ko ay hindi pa...May nakita na ba kayong sino man sa kanila? Ilan bang manggagawa ang naririto sa umagang ito? Maaari bang itaas ninyo ang inyong mga kamay? O kaya'y magsitayo kayo? Tingan natin kung ilang ministro ang nasa kongregasyon sa umagang ito. Buweno, mainam! Salamat sa Panginoon s amga klalakihang ito. Sana'y may panahon tayo upang banggitin ang bawat isa sa knaila, ngunit tiyak namang nakikita n'yo sila at tayo'y...Kilala sila ng Diyos sa kanilang mga paglilingkod, at dalangin natin na pagpalain silang lubos ng Diyos. At, walang alinlangang marami sa kanila ang hindi nagdaos ng kanilang gawain par asila makaparito. Si Brother Junior Jackson, at wari ko'y si Brother DonRuddell, at ang broadcast na ito ay naririnig ngayon sa kani-kanilang mga iglesia. At gano'n din sa New York at sa iba pang lugar sa buong bansa ito'y umaabot sa pamamagitan ng pribadong telepono sa bawat iglesia sa umagang ito.

6 Nagagalak akong makita si Brother Richard Blair na nakaupo ngayon dito. Kababasa ko pa lang ng isang sulat tungkol sa dakilang gawa ng Diyos sa mga tao roon. Noong isang araw, ayon sa nauunawan ko...Maaaring mali ako, Brother Blair; kung sakali man, ituwid mo ako. Nagtatrabaho siya, tinutulungan niya ang isang tao upang makabitan ng kuryente ang isang trailer o anuman iyon, iyon nga yata. Nabasa ko ang sulat. At mayroon silang bgay na binaligtad, at ewan kung paanong nangyari iyon, pero tumakbo ang kuryente sa tubig na kinaroroonan ng isan gmaliit na batang lalaki, isang...ang lalaking may-ari ng trailer, ang anak niyang lalaki iyon, isang maliit na bata, at namatay ang bata. At namaga ang tiyan niya at alam natin na kapag nakuryente ang tao, ganiyan, kapag namatay ang mga taong nakukuryente, ganiyan nag nangyayari. Ang mumnti niyang mga mata ay walang kakurapkurap; mariing nakakagat ang kaniyang mga ngipin.

Labis na naalarma ang mga kapatirang lalaki. Ang akala ni Brother Blair ay mahahagilap niya ako kung saan upang maipanalangin ko siya, ngunit naalala niya na, “Kung nasaan ang dalawa o tatlo na nagtitipon sa Aking Pangalan, naroon Ako sa kanilang kalagitnaan.” At natuklap ang balat ng ama sa kapipilit na maipasok ang kaniyang mga daliri sa bibig ng bata, sa kagustuhan niyang maibuka iyon. At nagsiluhod sila at sinimulang ipanalangin ang bata, at muli siyang nabuhay.

7 Totoo ba iyon, Brother Blair? Isa siya sa mga matatapat na kapatid natin dito. Oh, naririto pala ang bata. Buweno, salamat sa Panginoon. Napakainam niyan. Nais naming tumayo ka anak. Ngayon, pinasasalamatan natin ang mahal na Panginoon gawa nito. Siya ba ang ama ng bata? Ikaw ba ang ama? Tama. At ito naman si Brother Richard Blair. Kyang gawin ng Diyos natin ang anumang bagay. Opo. Ipinangako Niya ito. Nabubuhay tayo sa Makalangit na Presensiya ng dakila at maluwalhating Ama natin sa Langit. At lahat n mga bagay na ating—ay posible kung sasampalataya lang tayo.

Nakikita ba ninyo kung ano ang nagagawa nito, kung ano ang inani nito para sa buhay ng lalaking iyon dahil sumampalataya siya? Niligtas nito ang kaniyang munting anak. Ngyaon, naroon na gmga matatapat na lingkod ng Diyos upang...sina Brother Blairat ang kaniyang mga kasama, upang manalangin sa batang iyon nang magkagano'n siya. Siyanga, ano man ang mangyari, alalahanin n'yo, mga anak akyo ng Diyos na buhay. “Kung saan nagkakatipon ang dalawa o tatlo sa Aking Pangalan, naroon Ako.” At nasusulat din: “Siya ang laging saklolo sa oras ng pangangailangan.” Kung mayroon mang maituturing na malaking sulirannin, iyon ay ang batang lalaking iyon na nakahandusay sa lupa, patay na dahil sa lakas ng kuryenteng dumaloy sa kaniyang katawan. Kaya't pinasasalamatan natin ang Diyos sa umagang ito nang tao s sa ating puso dahil sa mga bagay na ito na ginawa Niya para sa atin.

Pagpalain ng Diyos ang matapat na lalaking ito. Sa oras ng matinding pangangailangan, doon dapat tumingin sa Diyos. At tumingin kayo sa Kaniya at makipagkaibigan na kayo sa Kaniya bago pa dumating ang matinding pangangailangan. Alam natin ito. Kung malulugod sa atin ang Diyos, maaari tayong humiling sa Kaniya ng anuman, tulad ng maaari nating gawin sa sinumang kaibigan natin, at Siya ang laging saklolo sa panahon ng kabagabagan.

8 Nakasalubong ko kahapon doon sa kalsada ang kapataid na babae ni Brother John Martin. Ako'y...May humarang sa akin doon sa kalsada at may isang taong dumaan at kumaway. Sa pag-uwi namin, alam n'yo, marami kang makikitang mga tao na tumitigil at nagkakamayan at iba pa. At ang babaeng ito, naaalala ko nang ipatawag nila ako kamakilan lang dahil may bumundol sa likod ng kaniyang kotse, at nadurog ang gulugod niya at lahat, sa itaas at ibaba nito. Dapat sana'y habambuhay siyang mapaparalisa. Nakaupo siya sa gawaing ito sa umagang ito at nasisiyahan sa Presensiya ng Diyos. Kauspa ako pa lang siya roon sa silid. Nais ko siyang ipanalanging muli. At siya ay...Naririto lang siay kung saan. Palagay ko'y hindi na uli siya nakapasok. Ngunit, heto, siyanga, heto't nakaupo siya sa tabi namin. Tama. Maari ka bang tumayo sandali Sister, para makita ng mga tao...Narito ang babaeng ayon sa mga duktor, ilang araw pa lang ang nakalilipas, ay hinding hindi na makalalakad pang muli, durog ang kaniyang gulugod at lahat, dahil sa ak—aksidente sa sasakyan; at hayan siya't nakatayo, magaling na. Alam n'yong sinabi ng Biblia, “At wala silang masabing anuman laban dito, sapagkat nakatayo ang lalaki sa kalagitnaan nila.” Tama. Heto ang batang lalaki na muling nabuhay, at heto naman ang isang babae na

nadurog ang gulugod, nakatayo sa ating kalagitnaan. Kamakailan lang ito nangyari. Kaya't Siya ay hindi nagbabago kahapon, ngayon, at magpakailan man. Purihin nawa ang Pangalan ng Panginoon! Napakaligaya natin dahil nabubuhay tayo sa Kaniyang Presensiya at nalalaman nating Siya ang laging saklolo sa panahon ng kabagabagan. Nagagalak akong makita si Brother Vayle, si Brother Martin, napakarami nila sa umagang ito. Pagpalain nawa kayo ng Panginoon, mga kapatid, nang lubusan. Ngayon, isang...

9 Alam kong hindi masyadong malamig ngayon dito dahil sa dami ng tao, gayon man, nang umalis ako sa Tucson nung isang araw, ang temperatura ay 144 o 145. At nang maghahating-gabi na, bumaba iyon sa 93, kaya't tamang-tama lang ang lamig na ito para sa akin. At doon sa Parker, ang sabi nila ay umabot daw sa 140 noong Biyernes, bago kami umalis. At maiisip n'yo kung gaano kainit iyon. Syempre, disyerto naman iyon. 18 At ngayon, sa susunod na tatlong Linggo...Ngayon ay ika-15, sa paniwala ko, tama ba, o ika-16; ika-15, hindi ba? [May sumagot, "Ika-18 na" -Ed.] Ika-18, at sa ika-28 at sa Agosto 1, (tama ba?) Agosto. [May sumagot at nagbigay ng tamang mga petsa -Ed.] Ika-25...Ika-18, ika-25 - at sa a-uno, magkakaroon ng gawain sa tabernakulo. Huwag n'yong, alam n'yo, huwag n'yong masyadong ipagsasabi, dahil, kita n'yo, hindi natin mapapapasok ang ganito karaming tao, alam n'yo, at mas magiging marami ang tao kaysa rito. Bumalik na lang kayo kung magagawa ninyo.

10 AT naririto ako para pulungin ang mga trustee natin. Para kasing hindi maganda ang pakiramdam ko sa tuwing tatanggihan nila akong magdaos ng gawain sa isang lugar samantalang pinangungunahan ako upang gawin ito. Kaya sa palagay ko ay tatanungin ko sila kung hindi ba natin kayang kumuha ng tolda—at itatayo natin iyon, at titigil tayo roon, alam n'yo na. Pupunta tayo rito sa palaruan, o kaya'y kung saang bukid at magpapalipat-lipat tayo ng lugar saan man tayo pangunahan ng Panginoon. At nadarama Kong iyan ang gagawin Niya. Alam n'yong may pangitain ako tungkol diyan. At palagay ko, ang dahilan kaya nangyayari ito...Ngayon, alam n'yo, kadalasan, iniisip nating napakapangit nito dahil may mga bagay na nangyayari, ngunit alam n'yo, maaaring ang Diyos iyon, kita n'yo, na nagtutulak sa inyo upang gawin n'yo ang mga bagay na ito. Kapag sinabi Niya, gagawin Niya.

11 Ilang gabi na ang lumipas, marami sa inyo, marahil marami sa inyo ang nakakuha ng tape (doon sa mga kumukuha ng tape) na Ang Pagpili ng Nobya an ipinangaral sa California. Sa huling ilang minuto ng tapoe na iyon, hindi ko maalala kung naroroon ako. Ngunit dumating ang Espiritu ng Panginoon sa isang natatanging paraan. Kinukundena ko sila dahil sa paraan ng kanilang pamumuhay t sa kanilang mga ginagawa, at iyon ay matapos ipangaral sa kanila ang Ebanghelyo at labis Iyong naipahayag sa kanila. At bigla na lamang nangusap ang Espiritu Santo, at nagsabi, "Capernaum," kita n'yo?, "ang bayang tumatawag sa kaniyang sarili na bayan ng mga anghel," Los Angeles iyon, "naitaas ka sa Langit, datapuwa't maibababa ka sa impiyerno." Kita n'yo? At nang matapos iyon, aba, naroon ako sa labas at kasama ko sina Brother Mosley at Billy. At ang sabi nila...Nagbalik sila at nakita nila, na ang buong sahig ay punung-puno ng mga tao, mga ministro, nag-iiyakan.

12 At pumaroon ako at kinuha ko ang Kasulatan. Ang sabi ko, "May nakasulat sa Biblia tungkol diyan." At iyon ay nang sawayin ni Jesus ang Capernaum, lahat ng mga bayan sa baybaying dahat na pinuntahan Niya. Aba, ang sabi Niya, "Capernaum, magpapakataas ka baga hanggang sa langit, ibababa ka hanggang sa Hades." Ang sabi niya, "Sapagkat kung sana ginawa ang mga makapangyarihang gawa iyo'y ginawa, ay mantili sana siya hanggang sa araw na ito." At sa oras na iyon, ang Sodoma at Gomorra ay nasa ilalim ng dagat. At p agkatapos ng pangyayaring iyon, marahil ay isandaang taon ang lumipas makaraang manghula si Jsus, ang Capernaum, ang tanging bayan sa baybaying dagat na binisita Niya, ay pinalubog ng isang lindol sa dagat. At alam n'yo, iyan ang tuwirang tugo sa Califronia, sa Los Angeles.

13 At sa Tucson n ung isang araw, kababalik ko paa lang, ay may isang malakas na lindol na naganap doon. At nasa telebisyon ang mga scientist at inilarawan nila iyon. Nasa mga pahayagan iyon. N a ang mundo raw nung isang araw ay nahati mula sa Aleutian Islands, o mula sa Alaska, sa bandang Aleutian Islands, mga dalawang daang milya patungo sa karagatan, nagbalik iyon sa San Diego, umabot iyon sa Los Angeles at lumabas sa San Diego. At bumuka iyon nang ilang pulgada. Nangatumba ang mga bahay. Lumubog ang mga motel. At tinanong nila ang scientist na nasa panel, ang sabi, "Buweno, maaari bang lumubog iyon pagdating ng araw?"

Ang sabi niya, "Maaari ba 'ka n'yo? Lulubog talaga iyon!" At gumamit pa nga siya ng mga salitang siyentipiko kung paanong ang lava ay may...Iyon pala ang sanhin gmga paglindol na ito sa kahabaan ng Sand Diego at doon sa gawing iyon. Iyon palang guwang na iyon. At ngayon, ang kabuuan nito ay nag-uumpisa nang gumuhong tulad sa buhangin, at ngayon, ang pang-ibabaw na lupa na lamang nag natitira. At bumuka na iyon ng ilang pulgada. Magagawa nilang gumamit ng radar at ng iba pang bagay, upang tuntunin ang lamat na iyon, at markahan iyon. Nakikita ko kung nasaan iyon. At bumuka iyon nang ilang pulgada pa, marahil ay dalawa o tatlong pulgada pang muli, noong isang araw, pagkatapos na pagkatapos na mailahad ang hulang iyon. At ang sabi ng mga nakikipanayam sa scientist, "Buweno, marahil ay hindi sa panahon natin iyang mangayayri."

Ang sabi niya, "Maaaring maganap iyan sa loob ng limang minuto o kaya'y sa loob ng limang taon;

ngunit tiyak na guguho at guguho ito.”

14 Si Gng. Simpson, wari ko'y hindi natin siya kasama ngyaon. O, nakikita ko si Brother Fred na nakaupo rito, ngunit hindi ko alam kung nasaan si Gng. Simpson. Kinuha niya ang hulang inilahad ko noong 1935, o mga gano'n, at ang sabi: “Darating ang oras, ” nakasulat iyon sa isang aklat,“ na ang dagat ay luluha patungo sa disyerto.” Tingnan n'yo kung ano'ng mangyayari. Kapag ang libu-libong milya kuwadradong tipak ng lupang iyon ay lumubog sa lava ng lupa at natibag iyon, milyun-milyon ang mamamatay sa isang pagkakataon. At magiging sanhi ito ng isang malaking dalyuong! Alalahanin n'yo, doon sa Salton Sea, marahil ay isandaan o dalawang daang higit na mababa kaysa sa lebel ng dagat. Marahil ay aabot ang tubig hanggang sa Tucson, pagtawid nito roon. “At luluha ang dagat patungo sa disyerto.” Bansa'y nangawawasak; Nagigising ang Israel, Mga tandang naihula na; Bilang na ang araw Ng Lahi ng Hentil, Magbalik-loob sa Panginoon!

Narito na tayo sa dulo ng panahon. Ngayon, lubos nawa kayong pagpalain ng Panginoon. Nasimulan ko kasi iyan kaya nalimutan ko na tuloy ang oras. Di maglalaon, tayo'y papasok, sa madaling panahon patungo sa walang hanggan, sa anu't-anuman.

15 At ngayon sa San Marcos, ika-7 kabanata, at sa ika-7 talata, para mabigyan natin ng teksto ang paksang ito na kababasa pa lang natin sa 1 Mga Cronica 13. Para makabuo tayo ng teksto para rito, nais kong kunin ang Marcos 7:7. ...walang kabuluhan ang pagsamba nila sa akin, Na nagtuturo ng kanilang pinakaral n gmga utos ng mga tao.

Ngayon, wala akong ibang nalalaman maliban sa Mensaheng ibinigay sa akin ng Panginoon, at iyan lang ang maaari kong ipangusap. At ngayon ay mangungusap ako tungkol sa isang paksa sa umagang ito na sa aking palagay ay magiging mainam. At mamayang gabi, ay nais kong mangusap tungkol sa, “pagkain sa tamang panahon,” kung loloobin ng Panginoon: Ang Espirituwal na Pagkain sa Tamang Panahon, at kung pano itong matatanggap. Ngayon, sa umagang ito: Ang Pagsisikap na Makapaglingkod sa Diyos nang Labas sa Kaniyang Kalooban.

Ang Diyos ay kataas-taasan sa lahat. At makikita natin dito kung ano ang ginawa ni David sa binasa nating Kasulatan sa1 Mga Cronica 13. At siya ay...Mabuti ang kaniyang layunin. Datapuwa't hindi ibinibilang sa atin ng Diyos ang mabutin glayunin. Isa lang ang paraan para maglingkod sa Diyos, iyon ay sa pamamagitan ng pagtupad sa Kaniyang kalooban ayon sa Kaniyang utos. At dahil kataas-taasan Siya, walang maaaring magsabi sa Kaniya kung ano ang dapat Niyang gawin okung paano Niya dapat isagawa ito. Ginagawa Niya ito sa paraang laam Niyang tama. At masarap ang pakiramdam ko gawa niyan. At dapat ay gumanda ang pakiramdam natin gawa nito, at natitiyak kong gayon nga. Sapagkat ang gusto ng isa ay dumating Ito nang paganito, at ang gusto naman ng isa ay dumating ito nang paganoon, at ang isa naman ay sa iba namang paraan.

16 Ngunit ang isa pang dakilang bagay tungkol sa Diyos, hindi Niya tayo hinahayaang hindi natin nalalaman kung ano ang Katotohanan at kung paano natin dapat isagawa ito. Hindi Siya magiging makatuwiran kung parurusahan Niya tayo dahil nakagawa tayo ng isang bagay na hindi natin alam kung paanong isasagawa, at pagkatapos ay hahayaan Niya tayong masadlak sa isang bagay nang hindi natin sinasayda. Hindi ganiyan ang Diyos. Siya ang Diyos na kapag nagbitiw ng salita ay inaasahan Niyang sasampalatayanan Iyon ng mga anak Niya. Kaya nga, alam Niya kung ano ang pinakamainam, at kung kailan iyon dapat gawin, at kung paano iyong dapat gawin. Mayroon tayong kani-kaniyang kaisipan tungkol dito, ngunit Siya ang nakaaalam.

At bukod do'n, kapag may pinasimulan Siyang sistema tungkol sa bagay na gagawin Niya pagkatapos ay hindi Niya sasabihin sa atin kung ano ang mangyayri at kung paano iyong mangyayari, kung gayon, kung matitisod tayo dito, kung tayo'y matitisod—ito'y—magiging makatuwiran tayo; o, sa kagustuhan nating makagawa ng isang bagay, ang bawat isa sa atin ay magiging makatwiran. Datapuwa't iisa lang ang paraan, at iyon ay ang Kaniyang Salita.

17 At isa pa, itong si David, makikita natin na sa puso niya ay nais niyang gumawa ng isang mabuting bagay. Wala siyang masamang motibo o masamang layunin. Datapuwa't ang tahanan, o ang kaban ng Panginoon ay malayo sa—sa mga tao, at nais niyang ibalik ang kaban ng Diyos sa dati nitong kinalalagyan, upang magawa ng mga taong kumunsulta sa Diyos tungkol sa mga bagay na hinahangad nila.

Sa halip na—hayaan lang natin, tayo'y...Ano kaya kung sinabi ni Brother Blair at ng ama ng batang ito, “Buweno, masama ito, nasaktan ang bata, namatay siya. Palagay ko ay nagyayari talaga ito?” Datapuwa't kaagad silang nagtungo sa Diyos.

Ano kaya kung ang babaeng iyon, at ang asaw niya sa isang mangangaral ng Ebanghelyo, ilang gabi o araw na ang nakalilipas, nang magkalasug-lasog ang gulugod ng babeng iyon na tumayo kani-kanina lang...Ang sabi ng duktor, “Habang buhay siyang mapaparalisa.” Ano kaya kung sinabi nilang mag-asawa, “Buweno, honey, aluhin na lang natin ang sarili natin?” Ngunit kaagad silang kumilos tungkol sa bagay na

iyon; nagtungo sila sa Diyos. Ilang pangyayari ba sa Biblia ang maaari nating banggitin kung paanong sa tuiwng mangangailangan ang mga tao, ay kaagad silang nagpupunta sa Diyos!

18 Buweno, kung gayon, noong mga araw na iyon, iisa lang nag pooktagpuan nila kung saan nila kinakatagpo ang Diyos, at iyon ay sa kaban, sa silong ng dugo. Iyan pa rin hanggang ngayon ang tanging pook-tagupuan, sa silong ng Dugo. Ang luklukan ng awa ay winiwisikan upang magbigay ng habag sa nananambahan o sa taong humihiling kung lalapit siya upang humiling sa Diyos. At ang Diyos ay may bukod-tanging paraan, kung paano mo dapat isagawa ito, at hindi Niya tatanggapin ang alin mang iba. Hindi Niya tatanggapin ang ibang paraan, maliban sa paraang itinakda Niya.

Kailan lang ay nagaral ako ng isang Mensahe, marami sa inyo ang nakababatid nito, na ang tanging lugar na inilaan ng Diyos kung saan ay kakatagpuin Niya ang mananabahan, ay ang lugar na kung saan ay sinabi Niya, "Ilalagay Ko riyan ang Aking Pangalan." Kung makasusumpong tayo ng isang iglesia na pinaglagyan Niya ng Pangalan Niya, kung gayo'y nasumpungan na naitn ang lugar na iyon. Ang sabi Niya, "Hindi KO kayo pagpapalain sa lahat ng pintuan, kundi doon lamang sa pintuang paglalagyan Ko ng Aking Pangalan. Ilalagay Ko iyon sa isang lugar, at kailangang doon ninyo Ako katagpuin; at doon Ko lang kayo maaaring katagpuin." At nakita natin doon kung saan Niya inilagay ang Pangalan Niya. At doon lang Niya kakatagpuin ang mananambahan. At ang Pangaln Niya ay Jesus Cristo. Ang Pangalan ng Diyos ay Jesus Cristo.

19 Ang sabi ni Jesus, "Naparito ako sa Pangalan ng Aking Ama." Bawat anak ay dumarating sa pangalan ng kaniyang ama. At naparito Siya sa Pangalan ng Ama. "At wala nang ibang Pangalan sa silong ng Langit na sukat ay ibinigay sa mga tao," ito man ay Metodista, Baptist, Presbyterian, Church of Christ, anuman iyon, iisa lang ang lugar kung saan ay katatagpuin ng Diyos ang tao, at iyon ay kung siya ay na kay Jesus Cristo, ang nag-iisang lugar. At lahat ng mga dating bagay sa ilalim ng Lumang Tipan ay tumitipo dito. Nais kong unawain n'yo iyang mabuti. Ngayon, ito'y isang araling pang Sunday School. At may ilang Kasulatan akong isinulat dito. At naisip ko na maaaring makatulong ito sa inyong pang-unawa, dahil ang lahat ng mga bagay na nagaanp noong araw ay nagsisilbing halimbawa sa atin.

20 Ngayon, makikita nating may paraan ang Diyos ng paggawa ng mga bagay-bagay. Ngunit itong si David, palibhasa'y pinagpala ng Diyos at naging hari siya, naisip niyang gumawa ng isang bagay para sa Diyos. At hindi tama ang paraang ginagawa niya.

Mapapnsin natin, na ipinahahayag ng Diyos ang Kaniyang Salita sa Kaniyang itinakdang panahon. Ngayon, paanong magagawang malaman ni Martin Luther ang Mensahe para sa araw na ito? Paano iyon magagawa ng mga Presbyterian? Paanong magagawa ni Martin...o ng simbahang Catolico na mamlaman ang Mesnahe ni Martin Luther? Paanong magagawang malaman ni John Wesley ang Mensahe ni Luther? Paanong magagawang malaman ni Wesley na malaman ang mensaheng Pentecostal? O paanong magagawa ng mga Pentecostal na malaman ang Mensaheng ito? Kita n'yo? Hinahayag Niya ito sa Kaniyang itinakdang mga panahon, sapagkat Ito'y isang Binhi. At habang Ito'y lumalago at gumugulang, hinahayag Niya ang Sarili Niya.

21 Tulad ng init ng araw na nagpapabuka nito. Habang malambot pa ito at bata pa, pinatutubo nito ang binhi mula sa lupa; at binibigyan ito ng mga dahon sa iba na namang yugto ng araw. Papatayin iyon ng mainit na araw kung panahon na ng pagkahinog ng binhi o panahon na ng pagkahinog. Kaya't tinitimpla Niya ang araw at tinitimpla Niya ang kalikasan upang umakma ito sa Kaniyang Salita. Tinitimpla Niya ang Iglesia, ang nakatalaga, ang Nobya, upang umakma ito sa panahong kinabubuhayan nito.

Nakikita natin ang Nobya sampu ng kalagayan Nito. At alam nating batay sa kalikasan, ang Iglesia ay naghahanda nang umalis. Napakamaluwalhating panahon nito. Ito ang pnaahong inasam-asam na makita ng lahat ng mga propeta, ang oras na ito.

22 Ngayon, ipinahahayag Niya ang Kaniyang Salita tanging sa takdang panahon Nito. Ang Bibliang binasa ni Martin Luther ay siya ring Bibliang binabasa natin ngayon. Iisang Biblia ang binasa ni Wesley at ni Martin Luther. Ang Bibliang binabasa ng mga Pentecostal ay siya ring Bibliang binabasa natin. Ang Bibliang binasa ni Jesus ay siya ring Bibliang binasa ng mga Fariseo, ngunit mayroon silang...Pinipilit nilang panatilihin ang mais sa mura nitong kalagayan samantalang nahihinog na iyon, hindi nila nakita ang oras nila.

Ngayon, ganito rin ang ginawa ni David dito. Hinahayag ng Diyos ang Knaiyang Salita sa takdang panahon at sa taong pinili Niyang pagpahayagan Nito. Pinili na Niya ito bago pa itatag ang sanlibutan. Lahat ng Knaiyang ginagawa ay alam na Niya bago pa Niya gawin, nailihim ito sa mga tao. Hinahayag Niya ang mga ito ayon s aKaniyang kalooban. Ayon ito sa napili Niyang panahon at sa napili Niyang tao. At kailan man ay hindi Siya namili ng isang partido o sekta; laging isang tao ang pinipili Niya. Ganiyan Siya kung gumawa.

23 Sino ang mangangahas na magtuwid sa Kaniya at makapagsasabing, "Ngayon, Panginoon, nagkamali Ka nang ilagay Mo ang taong ito sa lingkuran. Iba ang paniwala ng taong ito sa paniwala namin." Sino

ang magsasabi sa Diyos na nagkamali Siya? Kakailanganin ang isang tao na mas delingkuwente kaysa sa akin para magsabi nito sa Kaniya. Alam Niya kung ano ang ginagawa Niya. Alam Niya kung sino ang dapat at kung sino ang hindi dapat piliin, kung ano ang dapat gawin at kung kailan ito dapat gawin. Kahit pa gaano karapat-dapat ang isang tao sa tingin natin upang magsagawa ng isang bagay, alam ng Diyos kung sino ang karapat-dapat par asa oras o panahong iyon, o maging ang oras at tamang panahon para isagawa ito.

At ang totoo at tunay na Cristiano; ang tunay at totoong mananampalataya ng Diyos, ay naghihintay sa Panginoon para sa mga bagay na ito. Maghitay kayo sa inyong lingkuran. Kung may nadarama kayong katawagan, tiyakin n'yong ang Diyos iyon. Tiyakin ninyong tama iyon. Tiyakin ninyong napapanahon ang sinasabi ninyo. Ang sabi ng Biblia, "Silang nangaghihintay sa Panginoon ay mangagbabagong-lakas; sila'y paiilanglang na may mga pakpak ng agila; sila'y magsisitakbo, at hindi mangapapagod; sila'y magsisilakad, at hindi manganghihina."

24 Pansinin n'yo si David, ang hari ng Israel, katatapos pa alamng niyang mapahiran. Binuhusan siya ng langis ni Samuel, at pinili siya ng Diyos upang maging hari ng Israel. At nakuha ni David ang kapahayagang ito, na kailangang dalhin ang kaban ng Panginoon sa bayan ni David. Ngayon, walang masama roon, ngunit, kita n'yo, nagkamali si David sa paraan ng pagsasagawa niya.

Ngayon, tila baga kapag ang isang taong tulad niya ang nakatanggap ng isang kapahayagan, isang magiting na lalaking tulad sa haring pinili ng Diyos. Ang pinakadakilang haring nabuhay sa balat ng lupa maliban kay Cristo, palagay ko, ay si David, pagkat si Crosto ay Anak ni David. Ngayon, ang pinakadakilang tao, bagong pahid, mula sa pinaka-Presensiya ng Diyos, ay nakatanggap ng kapahayagan upang gumawa ng isang bagay para sa Diyos at nais niyang gawin iyon para sa Diyos; datapuwa't mali ang kapahayagang iyon. Ngayon, napakaganda nito. Liliwanagin nito ang paksa natin: Ang Pagsisikap na Maglingkod sa Diyos nang Labas sa Katawagan ng Diyos.

25 Pansinin n'yo, nakuha ni David ang kapahayagan. At pansinin n'yo, hindi ang propetang Nathanael ang nakakuha ng kapahayagang iyon; kundi si David na hari ang nakakuha niyon. Hindi rin kinunsulta si Nathanael tungkol sa mga bagay na iyon. Hindi niya tinanong si Nathanael. Ngunit nakita ba ninyo rito sa 1 Mga Cronica, na kinunsulat niya ang mga pinuno ng libu-libo at ang mga pinuno ng daan-daang hukbo? Hindi niya kinunsulta si Nathanael. Kinunsulta niya ang mga tao, at kinunsulta rin niya ang mga saserdote, pati na ang mga teolog ng araw na iyon, ang mga eskriba at mga teologo. Kumunsulta muna si David, ang sabi niya, "Kung ito'y sa Diyos, pumaroon tayo at dalhin natin ang kaban ng tipan ng ating Diyos sa bayan, at kunsultahin muna natin ang Diyos bago tayo gumawa ng mga bagay-bagay."

26 Ngunit ang sabi nila, sa panahon daw ni Saul ay "iniwan nila ang pagtatanong sa Diyos sa pamamagitan ng—ng—ng kaban, ng Urim at Tumim. Iniwan nila ang paggawa nito." At ang sabi ni David, "Ngayon, magbalik-loob na tayo sa Diyos, lahat tayo! Magbalik tayo sa kung ano ang tama. Pumaroon tayo at kunin natin an gkaban at dalhin natin dito, sa ibang salita, dalhin natin ang Presensiya ng Diyos sa bayan. Magdaos tayo ng revival. Ipanumbalik natin ang mga tao." Datapuwa't nakuha niya ang kapahayagan na tila baga mabuti, ngunit hindi iyon ang kalooban ng Diyos.

Sa halip na tanungin ang taong dpat sana'y tinanong niya, ang kinunsulta niya ay ang mga kapitan niya, sapagkat bago pa lang siya sa pagiging hari. At sumunod siya sa daloy ng kaisipang iyon, na nasa kaniyang mga hepeng kapitan at mga magigiting na lalaki...

Pagkatapos ay nagpunta siya doon sa iglesiang nominal at nagtanong siya kung maaari ba siyang magdaos ng revival. Ang mga saserdote, ang mga eskriba, an gmga kapitan ng libu-libo, ang mga kapitan ng daan-daan, at kinunsulta niya sila, :Kalooban ba ito ng Panginoon?" At ang sabi nila ay kalooban nga iyon ng Diyos. Ngunit kita n'yo, hindi niya tinanong ang pamamaraan na siyang laging ginagamit ng Diyos. Kita n'yo, hindi niya nakuha iyon.

27 Maging ang buong bayan ay sumang-ayon, pati na ang mga saserdote na tama ang hari. "Kailangan nilang maibalik ang kaban sa bayan. Ngayon, kailangan nila ang Presensiay ng Diyos. Kailangan nila ng revival." Subalit hindi ipinangako ng Diyos na ihahayag ang Salita Niya sa takdang panahon Nito sa mga tao.

Hindi Niya ipinangakong ihayag Niya iyon sa hari sa takdang panahon. Hindi nagbabago ang Diyos kaunti man. Hindi Niya ipinangakong gagawin Niya iyon.

28 Kahit pa gaano katapat, at gaano man kabuti ang mga motibo, at gaano man kabuti ang mga layunin, at kahit gaano pa nasain ng mga tao ang mga bagay na iyon, at kahit nakikita nila ang pangangailangan tungkol dito, may kalooban ang Diyos na dapat matupad tungkol sa mga bagay na ito. Iyan ang nais kong idiin sa gabing ito, sapagkat nais kong ilahad ito upang makita n'yo kung—kung nananahan ang Espiritu ng Diyos sa inyo. At iyan ang dahilan kung bakit nagtatagal ako nang husto rito. Hindi ko gustong gugulin ang panahon ng mga taong nakikinig sa telepono at sa hookup, ngunit na—nais kong makita n'yo ito. Kung sakaling maubusan kayo ng oras, kunin n'yo na lang ang tape. Iyon ang...

Kahit gaano pa ito kakailangan, gaano man sumang-ayon ang bawat isa na kailangan nga ito, gaano man katotoo ito, may isang bagay pang dapat tuklasin. Kalooban ba ito ng Diyos? Ngayon, hindi ipinangako ng Diyos na ihahayag Niya ang Knaiyang mga lihim sa Kaniyang mga hari, na ihahayag Niya an gmga lihim Niya sa mga tao.

29 Tulad ito sa panahon ni Mecheas, ang anak ni Imlah. Lisanin natin, hindi ang teksto, kundi tumungo tayo sa isa pang panahon, para maipasok natin ito at maging totoo ito sa inyo, maging tunay ito sa inyo, para huwag itong luamampas sa inyo.

Naroon sa mga kaarawan ni Mecheas...Isa siyang maralita, at nagmula siya sa isang maralitang pamilya. Ngunit si Achab, ang hari ng Israel, palibhasa'y isang bansang nasa ilalim ng pamumuno ng Dyos, nagtatag siya ng isang paaralan at angsanay siya ng isang bukod-tangi at piling mga propeta,a t apat na raan sila sa paaralang iyon. At sila'y pawang mga dakilang kalalakihan. Hindi lamang sila basta mga bulaang propeta. Sial ay mga propetang Hebreo, mga tunay silang lalaki. At kinunsulta nila ang Panginoon sa pammagitan ng mga lalaking iyon. At nagsipanghula sila. Ngunit, kita n'yo, nang humantong sila sa totoong harapan, bawat isa sa kanila ay nasumpungang wala sa Salita at kalooban ng Diyos. [Patlang sa tape -Ed.]

30 Sapagkat nanaog si Jehosapat mula sa Jerusalaem upang makipagtagpo sa—kay haring Achab, at nagsipagbihis na sila at nagsipaghanada sa—sa pintuang daan, at dinala nila ang mga propeta sa harapan nila. Noong una, ang sabi ni Achab, "May isang lugar doon sa Ramoth-Gilead na ang totoo ay pag-aari natin." Ngayon, iyan ay ITO ANG SABI NG PANGINOON. Ipinamahagi iyon ni Josue sa mga tao at ibinigay niya iyon sa kanila, subalit kinubkob iyon ng mga Filisteo. At ang sabi nila, "Narito, nangangailangan ang mga anak natin ng tinapay, at hindi sapat ang luapin natin upang pagkunan natin ng tinapay; at ang mga kaaway natin, ang mga Filisteo, pinakakain nila ang mga anak nila, ang mga hiteno, mula sa lupaing ibinigay sa atin ni Jehova." Napakalinaw niyon. At nag sabi pa, "Narito tayo, ang bayan ng Diyos, nakaupo tayo rito at nangangailangan ang mga anak natin, at binubusog ng mga kaaway natin ang kanilang mga anak sa lupang siyang dahilan kung bakit pinalabas tayo ng Diyos sa Egipto upang maibigay Niya ito sa atin." Makapagpapalitaw iyan ng isang teologo, hindi ba? Ang sabi niya, "Dapat ba kaming umahon doon upang kunin ang lupaing ibinigay sa amin ng Diyos?"

Ang sabi ni Jehosapat, "Oo tutulungan kita. Magkapatid tyao. Nasa Judah ka, at a—ako nama'y nasa Jerusalem." O nagkabaligtad ba? Wari ko'y...Hindi, tama iyon, wari ko'y si Jehosapat nga iyon...si Jehosapat. Gayunaman, mabuting tao si Jehosapat, isa siyang hari, isang taong matuwid na umiibig sa Panginoon. Si Achab ay isang mananampalatayang malahininga. Kaya't ipinasundo nila sila at ang sabi ni Jehosapat, "Makining kayo, kunsultahin muna natin ang Panginoon. Kailangan nating makatiyak tungkol dito." Kita n'yo, kung ginawa lang sana ni David kung ano ang ginawa ni Jehosapat! Ang sabi niya, "Hindi ba ganito nag dapat nating gawin?" At kaagad, palibhasa'y isang Israelita, ang sabi ni Achab, "Tiyak na tiyak, mayroon akon ritong apat na raang mga Hebreong kagaya natin, mga Hebreong propeta ng sarili nating organisasyon. At kukunsultahin ko sila. Mga propeta sila." Ngayon, kita n'yo, itong...

31 Sasabihin mo, "Natitisod ako riyan, Brother Branham. Peropeta ba kamo?" Ay, siyanga! Mayroong isa sa panahon ni Jeremisas na ang sabi ay dalawang taon lang daw silang mananatili roon. Sinabi na ng Panginoon kay Jeremias na "pitumpu." Ngalagay siya ng pamatok sa kaniyang leeg, at sinira iyon ng propeta, si Hananias. Ngunit alam n'yo kung ano ang nangyari sa kaniya. Ay, siyanga. Kailangan mong manatili sa Salita. Kaya't ang mga propetang ito ay nagsidating, at nagsipanghula, at ang sabi nila, "Humayo kayo, kasama ninyo ang Panginoon."

At isa sa kanila, wari ko'y (nakalimutan ko na ang pangalan niya) ang pinuno, si Zedechias, wari ko, ang nagsabi kumuha siya ng dalawang sungay na yari sa bakal at ang sabi, "ITO ANG SABI NG PANGINOON. Sa pamamagitan nito," ngayon, sinseroa ng lalaking iyon, "itutulak ninyo ang inyong mga kaaway pabalik sa kanilang lupain at makukuha ninyo ang pagaari ng Diyos. Ibinigay na iyon sa inyo." Hindi ako nainiwalang isa siyang ipokrito. Ang paniwala ko'y isa siyang mabuting tao. Ang paniwala ko'y gayon din nang lahat ng mga propetang iyon.

32 Sasabihin mo, "Mga propeta?" Oo! Alalahin n'yo, ang lalaking sumang-ayon sa pagpatay kay Crito ay nanghula rin anman, sapagkat iyon ang upisina niya. Siya ang punong saserdote sa taong iyon, at dahil nasa kaniya ang upisinang iyon, at hawak niya ang upisinang iyaon, dumating sa kaniya ang Espiritu ng Diyos. At hindi nangahulugan niyon na naligtas siya, o anuman. At anghula siya, si Caifas, dahil ang upisina niya ang nagsagawa niyon.

At ang mga propetang ito, dahil mga propeta sila at hawak ang upisina ng propeta, ay nagsipanghula sila. At ang Espiritu ng Diyos ay napasakanila, mga tao silang may mga kaloob ng Espiritu.

33 Napagtatanto ko na ang kausap ko ay siyamnapu't siyam na porsiyentong mga Pentecostal. Ngunit ang mga tao, kadalasan, ang tao, maaari silang gamitin ng Diyos, bibigyan Niya sila ng kaloob, at pipigain sila ng mga tao. Kung hindi talaga sila tinawag at isinugo ng Diyos, makapgsasalita ang lalaki o ang babaeng iyon ng isang bagay na hindi ayon sa Kaniyang kalooban, dahil napipilitan lang sila gawa ng mga

tao.

Kinailangan kong hlihin ang pastor natin tungkol dito. Dito sa kagubatan isang umaga, mga ika-3 ng madaling araw, ang sabi, "Humayo ka at sabihan mo si Brother Neville!" Pinuntahan kita, hindi ba, Brother Neville? 66 Lahat na lang, "Brother Neville, manghula ka naman tungkol sa akin. Sabihin mo sa akin ang ganito, o ang ganiyan." Kita n'yo? Makapanghuhula siya dahil sa inyo, kung gayon, ng mga bagay na hindi mangyayari. Ang mga taong naghihintay, para malaman nila kung ano'ng nais gawin ng Panginoon.

34 Kaya't ang mga lalaking ito ay tumingin sa natural na pang-unawa, "Pag-aari natin iyon." Nguni, kita n'yo, hindi nila sinaliksik ang Salita at ang kaloobang ng Diyos.

At annaog si Micheas, at nakakita siya ng isang pangitain. Sinuri muna niya ito. Napansin ba ninyo? Ang sabi niya, "Maghintay kayo. Ibigay n'yo sa akin ang gabing ito. Hayaan n'yong alamin ko muna, at marahil bukas ay masasagot ko na kayo." Hindi siya karaka-raka nagsalita ng, "ITO ANG SABI NG PANGINOON," at kaagad na sumang-ayon sa ibang mga propeta. Ang sabi niya, "Ang sasabihin ko ay kung ano lagn nag sasabihin ng Diyos." At kinabukasan, makikita nating sinabi sa Kaniya ng Diyos kung ano ang magaganap. At taliwas na taliwas iyon sa sinabi ng iba. Sa buong paaralan, taliwas iyon. At nilapitan pa nga siya ng isa sa kanila at tinampal siya sa mukha dahil dito. Ngunit kita n'yo, naghintay siya. At nang gawin niya iyon, ikinumpara niya ang hula niya, ang pangitain niya, sa nasulat na Salita, at tugmang-tugma iyon sa Salita.

35 Kapag may nagsabi na "nakatanggap sila ng kapahayagan na magbautismo ng mga tao sa Pangalan ng 'Ama, Anak, at Espiritu Santo,'" taliwas iyon sa Salita. Walnag kahit sino sa kanila ang gumawa nito. Kapag sinabi nilang, "Oh, maninindigan tayo..." at ganito, ganiyan, ganoon, at iba pa, taliwas iyan sa Salita. Kapag sinabai nila na "O, kami'y maninindigan, at ganito, gayon, at iba pang bagay, taliwas iyon sa Salita. Kapag sinabi nilang "hindi sila naniniwala sa binhi ng serpente," taliwas iyon sa Salita. Lahat ng iba pang mga bagay na ito na taliwas sa Salita. Kailangang umayon ito sa Salita at sa takdang panahon.

36 Ngayon, kung ginawa lang sana iyon ni David. Darating talaga ang kaban, ngunit hindi sa oras na iyon; wala pa ang lugar na paglalagyan nito.

Pasninin n'yo ngayon, nang manaog sila upang kunin ang kaban, ang sabi ng lahat ng mga taong sikat, "Iyan nga ang dapat gawin, David. Luwalhati sa Diyos! Kailangan natin ng isang revival." At iyan ang tunay na Pentecostal sa araw na ito; ang mga Baptist, Presbyterian. "David, ikaw ang

hari namin! Kayong lahat...Si Kapitan Ganito, at si Major Ganito, at si General Ganito ay dadalo sa inyong gawain. Aba, ang sabi nia, iyan talaga ang dapat gawin, David. Nasa likod mo ang buong bansa." Iyan ang problema ngayon. Hindi ang bansa ang nais ko. Ang nais ko'y ang Diyos, kahit wala nang kumampi sa akin.

Kasama ni David ang lahat ng mga kapitan. Nakipagtulungan sa kaniya ang hukbong sandatahan. Nakipagtulungan sa kaniya ang lahat ng denominasyon, sampu ng lahat ng mga teologo, kasama ang lahat—lahat ay sang-ayon sa kaniya. Gayon din naman si Achab, at ang iba pa sa Kasulatan; datapuwa't hindi niya kasama ang Diyos, sapagkat labas siya sa kalooban ng Diyos. Sana'y nakukuha natin ito.

37 Pansinin n'yo, ginawa nila ang bawat relihiyosong bagay na maaari nilang gawin. Marahil ay nagpatalastas sila at lahat, "Isang dakilang revival! Maibabalik na ang kaban. Magkakaroon tayo ng revival! Gagawin natin ito."

Pansinin n'yo, nagpadala siya ng mga mang-aawit. Nagpadala siya roon ng mga taong tumutugtog ng alapa, ng trumpeta, at ginawa na nila ang bawat gawang makadiyos na alam nilang gawin; ngunit wala pa rin doon ang Diyos. Parang nakikita nating nauulit na naman ito, hindi ba? 75 Kumuha sila ng mga mang-aawit. Kumuha sila ng mga manunugtog ng alpa, ng mga tagaihip ng trumpeta; mga babae, mga lalaki, lahat ng marunong umawit. Dinala nila silang lahat doon, at ginawa nila ang lahat ng makadiyos na gawa. Ayaw ko sanang sabihin ito, ngunit kaialngan kong sabihin. Ganito rin ang mga denominasyon sa araw na ito, mga Pentecostal at lahat na, gumagawa sila ng lahat ng uri ng makadiyos na gawa ng pag-awit at pagsigaw.

Pansinin n'yo, sumigaw si sDavid nang ubod lakas, at humiyaw siya, at lumundag, at ginawa niya ang lahat ng makadiyos na gawang maaari niyang gawin; ngunit wala pa rin doon ang Diyos. At ang motibo niya, pati na ang layunin niya, at lahat ng bagay ay tama; ngunit mali ang paraan ng pagsasagawa niya. Kita n'yo? Ginawa niyang lahat ang relihiyosong pagkilos; sumigaw siya, umawit, may mga mahuhusay siyang mang-aawit, mga tagasigaw, lahat na. Nagsisayaw sila sa espiritu. Ginawa na nila ang bawat gawang makadiyos.

38 Para itong mga naglalakihang krusada sa ating panahon. Nais nilang akayin ang buong mundo kay Cristo. Walang ganiyan. Naglalakihan, at lahat ng revival, mga dakilang bagay na nangyayari; kung mapapagtanto lang sana nila, tapos na ang araw na iyon. Nakatakda na siyang mapahamak. Ngunit nagtatayo sila, mga krusada, mga organisasyon, at lahat na. Ngunit ang ibinubunga nito ay katulad din

nung panahon ni David; hindi iyon umubra.

Paroroon tayo at magdadaos tayo ng revival. Ang mga mahuhusay— ilan sa mahuusay na ebanghelista natin sa araw na ito, ang sabi nila ay tatlumpung libo ang naaakay nila sa loob lamang ng anim na linggo; at pagbalik nila sa susunod na taon, wala silang makita kahit tatlumpu. May maling nangyayari. Ang nangyayari, kagaya rin ng ginawa ni David. Mga dakilang sikat na tao, mahuhusay na tao, magagaling na mangangaral, higit na malalaking paaralan, dakilang kapamahalaan, ngunit ang kinukunsulta pa rin nila ay ang matandang denominasyon sa halip na harapin nila ang Salita ng Diyos at nang makita nila ung nagsimula na nga ba ang panahon. Hindi ka maaaring magtanim ng pagkain kundi sa takdang panahon lamang ng taon.

39 Ngayon ay tingnan natin kung ano ang nangyari. Bagama't nag kanilang...Ang kanilang makadiyos na damdamin at mga bagay-bagay ay dakila, ang kanilang mga layunin ay dakila, ang kanilang krusada ay dakila, napakaganda ng kanilang awitan, napakaganda ng kanilang sayawan, napakaganda ng kanilang sigawan, at napakaganda ng kanilang tugtugan, at nasa kanila ang kaban. Ano'nt kuwenta ng kaban kung wala naman ang Diyos? Kahon lang iyon na yari sa kahoy, na may lamang dalawang tipak na bato. Para lang iyang pangongomunyon, pagpapabautismo. Ano'ng magagawang buti ng pagpapabautismo mo kung hindi ka naman nagsisi? Ano'ng magagawang buti sa iyo ng Komunyon kung isa ka namang ipokrito, kung hindi mo naman ipinamumuhay ito at hindi mo sinasampalatayanan ang kabuuan ng Salita ng Diyos? Bahagi lamang Nito ang tatanggapin at hindi ang kabuuan, nagpapakita lang ito na may mali.

40 Ngayon, kapag nangyari ang lahat ng ito...Tingna natin ngayon kung ano ang nangyayari kapag ang Diyos, at ang Kaniyang kapanahunan at aoras ay hindi sinaalang-alang; kundi ang kaisipan lamang ng mga tao.

Maraming tao ang nagsabi sa akin, "Bakit hindi ka pumarito at magdaos ka ng gawain? Buweno, inaanyayahan ka namin. Pirmahan mo ito, at iyon, o ang iba pa." Hintay! Maaaring gusto n'yo nga iyan, ngunit ano ba ang sinasabi ng Diyos tungkol dito? Marami nang taong nagsabi sa akin...may mga nagaanyaya sa akin, nagkaroon na ako ng mga panayam, ang mga personal na pakikipanayam at mga bagay-bagay, naghitay ako ng isang taon. Maghitay kayo! Paano kong malalaman kung ano ang dapat sabihin hanggang sabihin sa

akin ng Diyos kung ano ang dapat kong sabihin? Kita n'yo? Kailanganng maghintay! Iyan ang dahilan kung bakit sinabi ko, "Isulat n'yo iyan. Titingnan ko kung ano nag sinabi Niya." Kita n'yo? Maghintay! "Ang naghihintay sa Panginoon ay magpapanibagnong lakas." Tama ba?

41 Pansinin, ang kinunsulta lang nila ay ang mga saserdote ng araw na iyon, ang mga teologo, ang mga denominasyon. At pansinin n'yo, dahil sa ginawa nila ito, kinunsulta ang saserdote at kinunsulta ang kongregasyon, at kinunsulta nila ang mga tao, nagkamali sila.

Pansisnin, ang kaban ay ang Satlita. Alam nating tama iyan. Pagkat ang kaban ay si Cristo, at si Cristo ay ang ang Salita. Kita n'yo? Ang kaban, o ang Salita, ay hindi inilagay sa una, itinalaga, at orihinal na naktalagang kalagayan nito. Oh, huwag na hindi ninyo ito makuha, iglesia! Lahat ng bagay ay ganap nang naisaayos, at lahat ng bagay ay magandang tingnan, na para bang may isang malaing revival na magaganap; nungit dahil alng hindi nila kinunsulta ang tamang tao tungkol sa bagay na iyon! Kinunsulta nila ang mga saserdote, kinunsulta nila ang ma taong may katungkulan, kinsulta nila ang mga teologo, kinunsulta nila an gmga mangaawit, at napgbuklod nila ang lahat at napagkasundo sa iisang kaisipan, pati na ang dakilang organisasyon ng mga kawal, at pati na rin ang—ang—ang buong puwersa ng buong bansa. Lahat ng bagay ay nagkakasundo para sa isang malakihang gawain, ngunit hindi nila nakunsulta ang Diyos. Gayon din ang ginawa ni Achab, sampu ng iba pa. Anong pagkakataon iyon!

42 At ngayon, huwag ninyo itong palalampasin. Hindi nila iyon nakuha dahil hindi sila kumunsulta. At dahil ginawa nila iyon...Masdan n'yo. Dahil nagpunta sila sa mga saserdote, dahil nagpunta sila sa mga teologo, at dahil nagpunta sila sa mga puwersang militar, at ni hindi nila isinaalang-alang ang mensahero nila para sa oras na iyon na isinugo mula sa Diyos, si Ntahan, nagkamali sila. Kinuha nila ang kaban at isinakay iyon sa isang bagong karosa, isinakay iyon sa isang bagong karosa, o, sa "magpapasimula ang isang bagong denominasyon," at hindi sa parang niloob ng Diyos na pamamaraan upang dalhin iyon. Ayon sa pngako ay papasanin iyon sa balikat ng mga Levita. Ngunit, kita n'yo, kapag nagsimula kayo nang mali, magpapatuloy kayong nagkakamali.

43 Kung ang isang bala ay patatamain mo sa puntirya, at gagalawin mo ang baril at nalihis ito ng isang bahagi lamang ng isang libo, dito sa pagmumulan ni to, sa isang daang milya ay apat o likamgn pulgada ang magiging layo ng tama nito sa puntirya mo. Mali kasi ang pasimula mo.

O Diyos, tulungan Mo nawa kami na makitang mali ang pasimula ng bagay na ito, ang mga malalaking krusada ng oras na ito, at iyon ang turing s amga iyon. Hindi nila kinunsulta ang Diyos tungkol dito. Kinunsulta nila ang mga saserdote at mga taong relihiyoso. Kinunsulta nila ang mga organisasyon. "Buweno, makakasama n'yo ba si ganito at si ganoon? Naniniwala ako na kung mapapagsama lang natin

ang lahat!” Huwag ninyong pagsasamahin ang lahat. Kunin lang ninyo ang Salita ng Diyos tungkol dito.

44 At makikita natin, na kapg ginawa nila iyon, ano ang ginagawa nila? Nagpapatuloy sila sa paggawa ng dati nilang pangrelihiyong palatuntunan, na labas naman sa Salit ang Diyos at sa kalooban ng Diyos. Namatay na ang bagay na iyon, maraming taon na ang lumipas, ang mga bagay na iyon na maraming taon nang nangatuyo.

Natuyo na iyon sa mga kaarawan ng Panginoon Jesus, hindi nila alam iyon. Ang sabi Niya, “Kung kialla n'yo si Moises, dapat sana'y kilala n'yo rin Ako, dahil sinabi ni Moises na darating Ako.” Ang sabi, “Ang mga magulang namin ay kumain ng mana sa ilang.” 89 Ang sabi Niya, “Patay na silang lahat!” “Mga bulat,” ang tawang Niya sa knila, sa mga Fariseo, sa mga lider ng relihiyon. “Malibang sampalatayan ninyong Ako nga Siya, mamamatay kayo sa inyong mga kasalanan.” Ngunit hindi sila sumampalataya. Masyado na silang nahirati sa kanilang mga pamamaraan. Kailangang gawin nila ion ayon sa kanilang pamamaraan.

45 Ganoon ang ginawa ni David. Isinagawa niya iyon sa kaniyang pamamaraan, kaya't ang sabi niya, “Alam n'yo kung ano'ng gagawin ko? Kikilos tayo.” May kapahayagan siya. “Susulong na tayo ngayon, kaya gagawin natin ito sa isang bagong kaparaanan. Ang mga araw ng himala ay lipas na, kaya gagawa na lang tayo ng panibagong organisasyon. Gumawa tayo ng bagong karosa, para ipakitang nagpasimula na ang isang bagong bagay.” Ano'ng bulaang hula!

Kailangangn magbalik ka sa paraang sinabi ng Diyos. Ipinapasan nila iyon sa mga balikat ng mga Levita, at iyon ay sa itaas ng puso. Ang kaban, ang Salita, ay hindi dapat isinasakay sa isang bagong denominasyon, sa teoriya ng kung sinong tao, kundi sa puso. Ang Salita ng Diyos ay hindi dapat hinahawakan ng mga denominasyon; ang dapat humawak dito ay ang puso ng tao, kung saan makapapasok ang Diyos upang ipahayag ang Kaniyang Sarili. At kung hinahahayag Niya iyon, ayon sa Salita, Diyos iyon; kung hindi naman, hindi Dios iyon.

At nang, ang Salita para sa kapanahunang iyon...Siyanga, maaaring sabihin ng isang Fariseo, “Sino ba ang nagsabing hindi natin maaaring gawin ang ganito o ang ganiyan? Sa atin ibinigay ni Moises ang utos.” “Ngunit sinabi rin ni Moises...” Ang sabi ni Satanas, “Aba, nasusulat, 'Bibigyan Niya ang mga Ang...'”

“At nasusulat din naman,” ang sabi ni Jesus. Ang kapanahunan, ang oras! “Kung kilala ninyo si Moises! May isang nagpaparatang sa inyo, si Moisess. Kung nakilala ninyo si Moises, makikilala ninyo Ako,” ang sabi Niya, “sapagkat sinulat ni Moises ang tungkol sa Akin. 'Ang Panginoon n'yong Diyos ay magpapalitaw ng isang Propeta sa inyong mga kapatirang kalalakihan; Siya ang pakikinggan nila.'” Kung kilala nila si Moises, dapat sana'y nakilala din nila Siya.

46 Ngayon makinig kayong mabuti, huwag n'yo itong palalampasin. Kita n'yo, unang-una, nang kunsultahin nila ang mga saserdote, ang malalaking tao, ang militar, ang buogn kongregasyon, ang kapitbahayan, upang magkasama-sama sila sa dakilang gawaing ito na napipintong maganap, nagkamali sila nang pagsasagawa nito. Hindi nila kinusulta nag Diyos. At, dahil gano'n ang ginawa nila, hindi nila inalam kung anong oras na!

Oh, kapatid, makinig ka nga. Ano'ng oras na nga ba itong ating kinabubuhayan? Anon'ng kapanahunan na ba ito? Ano na bang oras itong kinabubuhayan natin? Hindi ito ang oras para sa mga bagay na ito na pinaguusapan nila. Nakalipas na iyon. Napipinto na ang kahatulan ngyaon. Nakikita ninyong nagpapasimula na ito. Naaalala ba ninyo ang bato doon sa itaas ng bundok? Ang Oras ng Kahatulan! Naaalala ba ninyo ang kapahayagan, o ang pangitain ng Nobya? Panatilihin lang sana Niyang tama ang Kaniyang hakbang. Huwag ninyo Siyang hahayaang magkamali ng hakbang. Pansinin n'yo, “Sa mga balikat ng mga saserdote!”

47 At si David sampu ng lahat ng mga saserdote, na dapat sanang nakaalam kung ano ang tama, ngunit ano nga ba iyon? Alam ng mga saserdote kung ano ang tama. Ang mga eskriba, ang mga teologo, dapat sana'y alam nila ang tama, dahil sinabi ng Salita na hindi dapat gawin iyon.

At ngayon, kapag gusto nilang sabihin, “Oh, si Jesus Cristo ay hindi tulad noon, ngayon at magpakailan man. Iyan ay mental telephaty. Ganito iayn, ganiyan iyan, o kaya ay iba pa.” Hindi nila nakita ang pangakong Salita. “Oh, iyan ay panahong lumipas na.”

Ang sabi ni David, “Oh, buweno, ngayon, sandali lang. 'Sa mga balikat ng—ng mga saserdote,' iyon ay noon pa mang lumabas si Moises. Siyanga, i—isasakay natin ito sa bagong karosa ngayon. May kapahayagan ako tungkol dito.”

Ang sabi ng mga saserdote, “Amen, David!” Kita n'yo, impluwensiyado ng kanilang konsehon ekumenikal, na dapat silang magkaisa at ganito at ganoon ang dapat nilang gawin, at iyon ang naging sanhi ng pagkatisod ng mga saserdote. Hindi sila kumunsulta sa tamang tao. Hindi tama ang pagsasagawa nila, kaya sila nagkaproblema. Siyanga.

48 Natatakot ako sa napakaraming mga bagay ngayon. Nang ang isang mahusay na tagapagturo, isa sa pinakamahusay sa Pentecostal, ay tumayo sa isang lupong pangrelihiyon nung isang gabi sa Chicago. Dapat sana ay magpupulong kami ng Business Men; nungit naisip kong nasa Afica ako sa pagkakataong iyon, ngunit isang arraw pa lang akong nakabalik bago magpasimula iyon. At pumili sila ng isan gmahusay na intelektuwal na Pentecostal, at tumayo siya at sinabi sa kanila na ang kilusang ekumenikal na ito ay sa Diyos. At sinabi niyang lahat umano sila ay nagsisibalik, maging ang Simbahang Catolico ay magbabalik sa dati nitong kalagayan, lahat ay nagsasalita ng ibang wika bilang ebidensiya, at iba pa. At hindi nila nalalamang iyon ay isang bitag ng diablo!

At may isang lalaki na hindi ko kilala...Kung minsan ay nagtatanim ka ng binhi; hindi mo alam kung ano ang mangyayari. Ngunit ang pangulo ng Full Gospel Business Men, pagkaupong-pagkaupo ng mahusay na tagapagsalita, ang sabi niya, "Natutunan kong huwag magsalita ng laban sa ating mga tagapagsalita, ngunit hindi ganiyan ang sinabi ni Brother Branham na mangyayari. Sa halip, ang sabi niya, iyan daw nag tatak ng hayop." Ang sabi niya, "Ngunit hindi alam ni Brother Branham kung ano ang sinasabi niya." Ang sabi niya, "Kami ay...naniniwala kaming lama niya kung ano ang sinasabi niya." Kita n'yo?

49 At sa Chicago, ang sabi ko, "Ilan ba sa inyo ang may gustong tumayo ako upang ibigay ang aking pananaw tungkol dito?" Nagsimula silang maghiyawan at magsigawan. Kita n'yo, naghahasik kayo ng mga binhi; hindi n'yo alam kung ano ang mangyayari. Ituloy lang ninyo ang paghahasik ng Binhi. Pagsapit ng oras na i yon, ang ilan sa kanila ay...

Gaya ni Tomas. Siya ang huling nakakita sa Panginoon. Ngunit, kailangan niya Siyang makita, para siya maniwala sa Kaniya. Kita n'yo, kapag nakita nilang nagaganap iyon. Oh, Tomos, tumuloy ka, ngunit medyo huli na siya.

Ngayon kapag nakita na nilang ang mga bagay na ito na naihula, at angsasabing ITO ANG SABI NG PANGINOON, ay nagaganap na, saka pa lang nila sasabihin, "Bigyan n'yo kami ng Langis." Kita n'yo?

50 Ngunit ngayon, pansinin n'yo, ang impluwensiya. Kung minsan ay nagsasama-sama ang malalaking tao. Naririnig mong sinasabi nila, "Ang dakilang si Ganito at si Ganoon, at ang dakilang si Ganito at si Ganoon, ang ating dakilang..." Huwag na huwag ninyong gagawin iyan. Walang sinumang dakil sa atin. Iisa lang nag dakila, at iyon ay ang Diyos. Magkakapatid tyaong lahat. Kahit lilimang katao lang ang pinapastoran mo, hindi ibig sabihin niyan na maliit ka; ang ibig sabihin niyan ay kapatid kita, kita n'yo, kung tapat ka sa Salita ng Diyos. Hindi mahalaga sa akin kung ano, o paano; hindi ka maliit. Walang maliliit na anak at malalaking anak ang Diyos. Mga anak lang. Pantay-pantay sila.

Pansinin n'yo, ang Diyos man ay nagmula sa mga mapuputing palasyo ng Langin, upang maging kasia natin. Ngayon, sino ba ang malaki? Kinuha...Hindi Siya nanaog dito upang mag-anyong saserdote, kundi upang mag-anyong alipin. Hinugasan nNiya nag putik na nilikha Niya, ang mga paa ng Kaniyang mga apostol at ng iba pa. Ngayon, sino nga ba ang dakila?

51 Ngunit naimpluwensiyahan ang mga lalaking ito. Hindi nila naunawaan. Ang akala nila ay may kung anong bagong bagay na magaganap, hindi, ang napipintong mangyari ay siang bagay na hindi sinabi ng Diyos. Mali ang pagsasagawa nila nito. Ganiyang lahat ang kasiglahang ito nang ang...noon pa ito nagsimula, matagal nang panahon, bawat denominasyon ay kailangang magkaroon ng ganito, ng ganoon o ng iba pa. Bawat denominasyon ay kailangang magkaroon ng isang munting David. Bawat isa ay kailangang magkaroon ng ganito, ng ganoon, at ng iba pa. Nakikita ba ninyo kung ano ang nagyari? Ang nangyari ay katulad din ng nangyari rito. Iyon din. Impluwensiya! 106 Ang Salita para sa panahon, ang oras na kinabibilangan nila ay binalewala.

Pansinin n'yo, "ang balikat ng mga Levita," ang inilaang paraan ng Diyos upang isagawa ang mga bagy na ito. "Ipapapasan ang kaban sa balikat ng mga Levita." Anumang bagay sa labas niyan ay salungat. Kung ano ang sinabi Niya, iyon talaga ang ibig Niyang sabihin. Hindi maaaring magbago ang Diyos. Kaya nga, manatili kayo sa Salita! Sinuat ko rito ang I Cronica 15:15, kung gusto ninyong isulat iyon. Pansinin.

52 Ngayon ay pansinin n'yo, diyan, dahil sa pagsunod sa Diyos...Ngayon, nais kong i—itanim n'yo ito sa isip n'yo. Upang masunod natin ang mga utos ng Diyos, upang magawa natin nang tama ang anumang bagay para sa Diyos, upang makagagawa tayo ng tamang paglilingkod, may limang dapat gawin, upang makapaglingkod nang tama sa Diyos.

Ngayon, nang gumawa ng paglilingkod si David. Ginagawa niya ang lahat ng abot ng nalalaman niya, kaya lang, ipinuwera niya ang Diyos. Kita n'yo? Gumagawa siya ng isang bagay na tama, isang bagay na mabuti para sa bayan, isang bagay na mabuti para sa iglesia.

Datapuwa't may liamng dapat gawin. Nais kong tandaan n'yo ito. Kahit pa gaano katapat nag tao sa paggawa nito, sa paggawa ng paglilingkod dsa Diyos, ang—ang limang ito ay dapat maparoon. Una,

dapat ay isagawa iyon sa tamang panahon ng Diyos.

Ano kaya kung—kung dumating si Moises, at ang sabi niya, "Gagawa tayo ng daong ta palutangin natin iyon sa Ilog Nile gaya ng ginawa ni Noe?" Tama ang panahon ni Noe para gumawa ng daong, ngunit hindi ang kaniyang panahon.

Ano kaya kung dumating si Jesus, at ang sabi, "Ngayon, sasabihin Ko sa inyo kung ano ang gagawin natin. Papanhik tayo roon sa itaas ng bundok gaya ng ginawa ni Moises at kukuha tayo ng bagong deklarasyon ng kautusan"? Kita n'yo? Ah, hah! Siya ang kautusang iyon. Kita n'yo?

Dapat ay nasa oras ka Niya. Dapat ay nasa panahon Niya iyon. Nakuha na ba ninyo? Dapat ay nasa oras Niya. Dapat ay nasa tamang panahon Niya, sa Kaniyang oras at panahon.

53 At dapat ay umayon ito sa Salitang naipangusap na. Dapat ito. Kahit pa gaano kahusay ang pagkakasabi mong ganito ang dapat mangyari, o ganito ang dapat mangyari, dapt ay ayon ito sa Knaiyang Salita; ayon sa Kaniyang oras at kapanahunan. At dapat itong magmula sa tong pinili Niya upang magsagawa nito.

Kahit pa gaano karaming mga bigating tao. Naroon si Haring David, kasing dakila ng sino man sa kanila. Siya ang hari ng buong bansa. Datapuwa't mayroon Siyang paraan ng pagsasagawa nito, at sinabi na Niya sa kanila kung paano itong isasagawa. Ngunit hindi nila ginawa iyon.

Dapat ay ayon iyon sa Kaniyang Salita; ayon sa Kaniyang panahon, ayon sa—Kaniyang palatuntunan.

54 At dapat ay isagawa iyon ng taong pinili Niyang pagbigya at magsagawa nito. Tinangka ni Moises na takbuhan iyon, "Iba na lang ang isugo Mo." Ngunit pinili ng Diyos si Moises upang magsagawa nito. Marami sa kanila; tinangka ni Pablong labasan iyon; marami pang iba. Ngunit dapat ay isagawa iyon ng taong pinili Niya upang magsagawa niyon. At dapat ay na muna itong dumating sa mga propeta. Amos 3:7, "Ang Salita ng Diyos ay dapat dumating sa Kaniyang mga propeta," Amos 3:7. "Ang Panginoong Diyos ay walang gagawin malibang ihayag muna Niya ito sa Kaniyang lingkod na propeta." Ika-apat.

At ang propeta ay dapat mabindika ng Salita ng Diyos.

Hayan ang limang dapat ninyong gawin. Dapat ay ganiyan. Sa oras Niya; sa kapanahunan Niya, kung kailan Niya ito sinabing magaganap; pati na ang taong pinili Niya; at dapat ay sa propeta ito dumating; at ang propeta ay isa dapat bindikadong propeta. Makikita natin ang marami sa kanila sa Biblia, dumating iyon sa mga propeta at pagkatapos ay hhindi iyon nabindika. Ang Propeta natin ay si Jesus Cristo.

55 Kaya ngayon ay pansinin n'yo, kita n'yo, hindi hinayag ng Diyos sa kanila ang bagay na iyon sa pamamgitan ng inilaan Niyang paraan ng pagsasagawa niyon. Ang tinanggap nila ay ang paraan ni David. Ang tinanggap nila ay ang paraan ng mga saserdote. Ang tinanggap nila ay ang paraan ng mga escriba, ang paraan ng mga teologo, ngunit hindi ang paraan ng Diyos. Si Nathanael ang—siya ang propeta ng araw na iyon. Nung huli ay sinabi ni Nathanael kung paano ang tamang pagsasagawa nito. Ngunit, kita n'yo, ginawa nila iyon nang hindi kinukunsulta si Nathanael. Walang sinabing kinunsulta nila si Nathanael. Lahat ng impluwensiya, ang dakilang bagay na nagaganap! At, naku, naiiisip ko ang awiting iyon, "Itulot, panatilihin..." Tulungan Mo ako, tuwing puso'y mag-aalab, Turuan mo akong (upang matulad ako sa lahat ng iba) umasa sa Ngalan mo; Ayaw kong sumunod sa kapuwa tao, Bagkus maghihintay ako Sa katugunan Mo. Kita n'yo, ganiyan nga. Hayaan n'yong makita ko itong nagaganap sa tamang paraan, kung magkagayo'y paniniwalaan ko ito.

56 Ngayon, hinayag ng Diyos ang bagay na iyon sa kanila sa pamamgitan ni David, at sa pamamgitan ng mga ministro, at sa pamamagitan ng mga tao, at sa pinuno ng libu-libo, at pinuno ng daan-daan, ngunit hindi sa pamamagitan ni Nathanael sa siyang mgay ITO ANG SABI NG PANGINOON. At sinabi ng Panginoon na wlaa Siyang anumang gagawin malibang ipakita muna Niya sa propeta ng kapanahunan kung ano ang dapat gawin. Nakita ba ninyo kung ano ang ginawa nila? Lumabas sila sa Salita ng Diyos, humayo sila't isinakay ang kaban sa bagong karosa. Kita n'yo? Kaya't ginawa nila iyon nang labas sa kautausan ng Diyos at ayon sa inilaang paraan ng Diyos. At iyan ang nangyari sa araw na ito, mga kaibigan. Iyan a ng dahilan kung bakit napakarami na anting idinaos na naglalakihang mga krusada at iba pa, at walang anuman gnaging resulta. Mas marami ngayong pagtataksil sa asawa, mas maraming kasalanan, mas maraming...Sinasabi ko sa inyo, wala na ang bansang ito; hindi lang ang bansang ito, kundi pati na ang ibang bansa. Ang bansang ito, gaya ng Inglatera ng nagdaang kapanahunan ay ang patotot ng lahat ng mga bansa.

57 Doon sa Mozambique, apat na raan at walumpung milya ang layo sa kabihasnan, doon sa gubat, may mga batang beatnic doon na nkikinig kay Elvis Presley, niyuyugyog ang mga ulo nila at naglulundag nang ganiyan sa buong magdamag, na may...o, mag maliliit na radyong ganiyan at sasagap ang mga ito ng libu-libong milya hanggang sa Rhodesia para lang mapakinggan si Elvis Presley. Gayunman ay sinasabi nilang, "Napakamakadiyos niya, sila ni Pat Boone, at ang mga kasama nila." Aba, iyan ang mga Judas ng

oras na ito, at hindi nila nalalaman. At iyan nang malungkot na bahagi. Ang paniwala nila ay ta—tama sila. Hindi ba't sinabi ni Jesus sa Kapanahunang ito ng Laodicea, "Ikaw ay aba at maralita, at dukha at hubad, at hindi m o ito nalalaman"? Hindi nila ito nalalaman!

Buweno, ang mga kabataang Pentecostal doon sa Africa at sa palibot ay nagsasabi, "Buweno, si Elvis Presley, siya ang pinakamagalign umawit." Walang alinlangang magaling din si David; walang alinlangang magagaling din ang mga mang-aawit niya, datapuwa't naging dahilan iyon upang hampasin ng kamatayan ang kampamento. Nakikita ba ninyo kung saan sila...kung nasaan na tayo ngayon, mga kaibigan?

58 "Ang mga balikat ng mga Levita," ang orihinal na paraan ng Diyos ng pagsasagawa nito. At isinakay nila iyon sa bagong karosa. Ngayon, hinding hindi maaari iyon. Hindi nila knunsulta ang tamang paraan. Kita n'yo? Kaya humayo sila sa paggawa at nagkamalisila ng pagasasagawa nito.

At ganiyan ang nangyari sa araw na ito. Kapag ang isang tao, gaano man siya katapat, ay nagsikap na gumawa ng paglilingkod sa Kaniya sa labas ng Kaniyang inilaang paraan ng paghahayag nito, lagi nila iyong ginugulo. Isinasaayos iyon ng Diyos sa Kaniyang paraan. Ang tao, kahit gaano ka pa katapat kapag pinili mong gawin iyan sa labas niyan, gu—guguluhin mo lang iyan.

59 Tulad iyan ni Balaam, sa kaniyang kaarawan. Sinabihan ng Diyos si Balaam, ang propetang iyon. Isa siyang propeta, sang propetang Balaam. Isa isyang propeta at ganap na dumating sa kaniya ang Salita, ang sabi, "Huwag kang pupuunta ro'n. Hinirang Ko ang bayang iyon. Pinili Ko sila." At nakipagpulong si Balaam sa mga malalaking tao, sa mga tao sa militar, mga mangangaral, inimpluwensiyahan niya ang mga tao, at ang sabi, "Buweno, si—sinasabi ko sa inyo, ang hari ay..." Kita n'yo, ikumpara ninyo kay David, ikumpara ninyo sa araw na ito. Kunin lang ninyo ang lahat ng bagay sa tipo, at makikita n'yo. Nakikita ba ninyo? Magsabi kayong "Amen." [Sumagot ang kongregasyon ng, "Amen." -Ed.] Kita n'yo, kita n'yo? Tulad din ng nagyayari ngayon.

Ngunit ang sabi ng klero, ang—ang—ang—ang sabi ng mga saserdote, ang sabi ng mga escriba, ang sabi ng mga teologo, "ganito dapat isagaw ito." Ngunit hindi pala, at napatunayang hindi pala.

60 At sinabihan ng Diyos si Balaam, at isa siyang propeta, una, sinabihan Niya siya, "Huwag kang pupunta roon."

Ngunit ang impluwensiya ng ibang tao ang nagtulak sa kaniya upang salungatin niya kung ano ang sinabi ng Diyos na paraan, at naging isa iyong sumpa, sa halip na revival. Oh, tiyak iyon, nagtungo siya roon at tinuruan niya ang mga tao, ang sabi, "Ngayon, sandali lang! Alam ba ninyo?" Ang sabi, "Tayo—tayo ay mga Moabita. Kung maaalala n'yo, ang anak na babae ni Lot ang ating reyna. Sa kaniya tayo nagmula. Iisang dugo tayo. Lahat tayo ay...Lahat tayong mga denominasyon ay magkakatulad." Huwag na huwag kayong hahalo sa bagay na iyan. Layuan n'yo iyan. Kita n'yo? Kaya't ang sabi niya, "Pare-pareho lang tayo. Aba, ang bayan n'yo ay tulad din ng bayan ko. Maaari tayong mag-asawahan sa isa't-isa, u pang magkaroon ta yo ng isang tuany na konsehong ekumenikal. Kita n'yo? Maaari tayong magsamasamang lahat at magbalik muli sa dati." Sinumpa ng Diyos ang bagay na iyon. Hindi ipinatawad ang kasalanang iyon ng Israel. Nanatili iyon s aknila hanggang sa wakas ng kanilang kaarawan. At hindi iyon napatawad kailan man. Ngangamatay sila sa ilang na taglay iyon. Tama. Sapagkat hindi nila sinunod ang laang paraan ng Diyos sa pamamagitan ng Kaniyang bindikadaong paraan ng pagsasagawa nito.

Pansinin n'yo, ang bagay na ito na ginawa nila ang naging dahilan upang ang Israel ay mangamatay sa ilang, at ang sabi ni Jesus, "Ang bawat isa sa kanila ay naganpahamak at nagamatay." Masdan n'yo kung sino ang nainindigang kasama ni Moises noon, sina Josue at Caleb, sa—sa palatuntunan.

61 Pansinin n'yong muli, heto si David, kung ano ang ginawa niya. At nang gawin niya iyon, ano ang ibinunga nito? Naging dahian iyon upang hampasin ng kamatayan ang isang taong tapat. Ngayon, sa palagay ko ay naka-hookup pa rin tayo, at nais kong pakinggan n'yo ito sa buong bansa. Ang bagay na ito na ginawa ni David nang hindi knukunsulta si Nathanael at hindi inaalam ang Salita ng Panginoon tungkol dito, naging dahilan ito upang hampasin ng kamatayan ang mga taong tapat. Siyanga po. Doo'y inunat niya ang kaniyang kamay, siya na ilang panahon nang nananahan sa presensiya ng kaban; nagmula iyon sa—sa bagay niya. At natisod an gbaka, at mahuhulog ang kaban.

May nagawa na sialng isang pagkakamali, dalawang pagkakamali. Una, hindi nila kinunsulta si Nathanael. Ang sumunod na ginawa nila, humayo sila roon nang hindi kinukunsulta ang Salit ang Diyos, at ang...si Samuel ang Salita sa araw na iyon...At hindi niya kinunsulta ang Salita ng Panginoon. At nang gawin nila iyon, sumalungat sila sa Salita ng Diyos. At narito ang butihing taong ito, na siyang tagapangalaga—isa siyang obispo—naisip niya, "Buweno, ayaw kong mabigo ang Diyos." Kaya't hinawakan niya ang kaban, samantalang hindi naman siya Levita, at namatay siya. Tatlong bagay!

62 Ngayon, mag-isip kayo ng malalim at masdan n'yo kung ano na ang nagawa ng mga denominasyon ngayon. Kita n'yo? Tinanggihan na nila Ito, tinawag nila Itong "bulaang turo." Kita n'yo? Tingnan n'yo

kung nasaan na sila. Oo nga't mabubuo nila ang kanilang konsehong ekumenikal. Tinawag nila Itong "mental telephaty," samantalang ang Diyos mismo ang bumibindikang Ito ang Katotohanan, at nagpapatunay na ito ng aang katotohanan. "Oh, isanng maliit na kalipunan ng mga baliw ang mga taong iyon" ang sabi nila, "hindi nila nauunawaan kung ano'ng sinasabi nila." Tama, hindi nga. Ngunit ipinangungusap lang natin, ung ano ang Kaniyang mga Salita, at alam natin kung ano ang sinasabi Niya, kta n'yo. Hindi ko Ito kayang ipaliwanag, walang ibang makagagawa nito, ngunit Siya ang nagpapatunay Nito.

Ngayon ay pansinin. Napakaraming tapat na mananampalataya ngayon ang lumalapit kay Crisot, nais niyan gl umapit nang taos sa kaniyang puso, na namamatay sa espirituwal sa gayon ding paraan. Maraming mga taong tapat ang nagsisimba sa simbahang Catolico, at nais maging Cristiano, sisimba sa Metodista, sa Baptist, sa Churhc of Christ, at maging sa Pentecostal kita n'yo, at nais nilang maging Cristiano, hinahawakan nila iyon, sumasapi sila sa kanila.

63 At nang makita ni David na naganap ang bagay na iyon, nagising siya. Huwag nawang maging huli na bago kaong magising diyan, kapatid. Nakita niyang tumama na ang kamatayan. Ipakita mo sa akin ang bunga. Ano na ba ang ibinunga ng sinasabing revival na ito na nagpapabalik sa mga tao sa mga iglesia sa bansang ito sa— katawan ng mga mananampalataya? Walang iba kundi ang gumawa ng mga bagong organisasyon at denominasyon simula't sapul, mas maraming miyembro at iba pa. Mas mabuti ba ang lagay ng bansa ngayon? Ang sabi nila ay kanila raw...

"Ang America. Pagpalain ng Diyos ang America, ito'y—ito'y isang bansa, isa itong Cristianong bansa." Milyong milya ang layo nito sa pagiging isang Cristianong bansa. Ni hindi ko na nga idinadalangin ito. Paano ko itong idadalangin samantalang hindi ito nagsisisi sa silong ng makapangyarihang lakas ng Diyos na naipamamalas s aharapan nito; at Ito'y tinatanggihan nito at pinagsasarahan ng mga pinto, at nilalayuan? Ipinagpapasa Diyos ko na lang ito. At palayo na siya nang palayo, at ngayon ay lulubog na siya. Masdan lang ninyo kung ano ang magaganap.

64 Maraming sinserong tao ang sumasali sa isang organisasyon, o sa isang grupo, o sa isang uri ng kuto, at doo'y namamtay sila sa espirituwal. Hindi mo sila maaaring pagsabihan. Naibaon na nang husto ang bagay na iyon sa kanila, "Aba, ganito ang sabi ng mga obispong ito. At ganito naman ang sabi nito, at ganito naman ang sabi nito." Ipakita mo sa kanila sa Salita ng Diyos kung saan ay sinabing ITO ANG SABI NG PANGINOON. "Ngunit ang pastor namin..." Hindi mahalaga sa akin kung ano ang sinasabi ng pastor ninyo, hindi maahalaga sa akin kung ano ang sinasabi ko, o ng sinuman. Kung taliwas iyosn sa binindikang Salita ng Diyos, sa oras, sa panahon, sa Mensahe, at sa iba pa, kalimuta n'yo iyon! Layuan n'yo iyan. At kailangan kong tumayo sa harap ng bawat isa sa inyo sa Araw ng Paghuhukom, at alam ko iyan. At hindi ko sasabihin iyan hangga't maaari, nalalaman kong matanda na ako ngayon.

Ako'y...Hindi sa may alam ako, ngunit Siya ang nakaaalam. Sumusunod lang ako sa sinabi Niya.

65 Tingnan n'yo ngayon ang mga naglalakihang krusadang idinadaos natin sa lupaing ito. Napatunayang wala itong kabuluhan. At hindi ba't sinabi ni Jesus dito, sa Lucas 7:7, "Walang kabuluhan ang pagsamba nila sa Akin"? Walang kabuluhan ang pagsasauli ni David ng kaban. Walang kabuluhan ang ginawang pagsasanay ni Achab sa mga propeta. Walang kabuluhan ang pagtanggap ni Balaam ng perang iyon. "Nagtuturo bilang pinaka-aral ng mga utos ng tao"? Ang utos ng Diyos ang mahalagal. Kahit pa gaano...

"Ang mga taong iyon ay totoong sinsero." Madalas n'yong naririnig iyan. "Napaka-sinsero nila." Buweno, walang kabuluhan iyan. Ang Saksi ni Jehova, ang mga Sabadista, at lahat ng i ba pa sa mga kultong iyon ay nagsisilabas dito sa kalsada at nagsisigawa sila ng mga bagay na hindi gagawin ng sinuman sa atin. Ang mga Catolico ay tumatayo sa isang sulok at namamalimos at iba pa, ang mga gayong orden nito, at ang yaman nila'y umaabot na sa bilyun-biloyng dolyar, at patuloy pa rin sa pamamalimos. Sinsero, walang alinlangan. Ang mga iglesia ay humahayo at—at nangangaral at iba pa, at ang ma ministro ay tumatayo sa pulpito at ginagawa ang lahat ng mgagawa nila para makapgdagdag ng mga bagong kasapi sa kanilang iglesia; ngunit ito'y isang bagong kaban. Iisa lang ang Kabang dapat sundan, iyon ay ang Salita ng Diyos. Anumang bagay na salungat sa Kaban na iyon ay layuan n'yo! Ito ay nasa bagong karosa at hindi sa mga balikat ng Diyos. Tama. Iwasan n'yo ang bagay na iyan. Huwag kayong makialam diyan.

66 Ang mga naglalakihan nating mga krusada, bilyun-bilyon at milyunmilyon ang nagispagpahayag ng pananampalataya. At duda ako kung may isandaan ba sa kanilang lahat ang tunay. Kita n'yo? Walang kabuluhan iyan. Kung gayon ay tingnan n'yo ang pangakong Salita.

Iisipin ninyong nabigo iyon, at alam nating nabigo iyon. Ang ilan sa ating pinakamahusay na—na revivalist sa lupain ngayon ay nagsasabing lubos iyong nabigo. Batid ng iglesiang ito'y nabigo. Lahat ay nakaaalam na bigo ito. Buweno, bakit kaya? Bakit ito nabigo? Mabuti naman ang layunin nito. Ito'y upang dalhin ang mga tao sa Presensiya ng Diyos, naglalakihang mga krusada. At milyun-milyong tao ang naglagay ng salapi sa malalaking krusada. At nagsama-sama ang mga iglesia, naglalakihang mga auditorium, at dakilang mga bagay, at may mga bagay na naganap. Bakit ito nabigo? Dahil hindi nilla alam

ang oras na kinabubuhayan nila.

Hindi kataka-takang tumayo si Jesus, at sa puso Niya ay tumangis Siya. Umagos ang luha sa Kaniyang mga pisngi, at ang sabi Niya, "Jerusalaem, oh, Jerusalem, gaano kadalas na nais kitang liliman tulad ng isang inahing manok sa kaniyang mga sisiw. Binato ninyo ang bawat propetang isinugo Ko sa inyo. Ngunit ayaw ninyo. Ngunit ngayon ay dumating na ang oras ninyo."

67 Hindi ba ninyo nararamdaman ang Espiritu Santo na sumisigaw mula sa inyong kalooban? "Oh, Estados Unidos at lahat ng bansa sa buong mundo, gaano kadalas na nasi Ko kayong tipunin, ngunit ayaw n'yo. Ngayon, dumating na ang oras ninyo. Ang inyong Diyos ng kasiyahan, ang inyong Diyos ng karumihan, ang Diyos ninyo sa Sodoma at Gomorra ay nagsidating sa inyong kalagitnaan." Maging ang mga ank natin, gupit-beatles, at nakalaylay ang bangs sa mga mukha nila, mga batang baluktot ang pasimula. Ang mga kababaihan natin ay wala na. Lampas na sa katubusan. Anng mga kalalakihan natin ay naging mga naglalakihang mga bakla, naglalakad nang naka korto at para nang babae kung kumilos, at ang buhok ay nakalaylay sa kanilang mga leeg. At mga Sodomita na tayo at naghihintay na sa atin ang apoy at poot ng Diyos.

Alam ba ninyo kung paano niyang pupuksain ito, kung paano niyang wawasakin ito? Gaya nang lagi Niyang ginagwa. Kapag nagkasala noon ang isang patotot, binabato siya hanggang mamatay. Dumadampot sila ng mga bato upang patayin ang isang babaeng patotot. Ganiyan Niya papatayin ang iglesia. Ang sabi ng Biblia ay magpapaulan Siya ng mga bato mula sa langit, na ang atimbang bawat isa ay isandaang libra, at babatuhin Niya sila. Sino ang pipigil sa Kaniya? Ano'ng agham ang magsasabing hindi ito mangyayari? Isasagawa Niya ito. Kung paanong gumawa Siya ng daong at pinalutang Niya si Noe sa Kaniyang kaligtasan, gagawin Niya itong muli para sa Kaniyang Iglesia. At sa pamamagitan ng Kaniyang Sariliing batas at paraan, babatuhin Niya ang patotot na iyon na nagkasala ng pakikiapid sa mga hari at sa mga pinuno ng daan-daan at ng libu-libo. Babatuhin Niya siya hanggang mamatay, ayon sa Sarili Niyang batas na Kaniyang pinairal. Sino ang maaaring magsabi sa Kaniya na hindi Siya maaaring magpaulan ng bato?

68 Tanungin n'yo ang sinumang nakaaalam kung paanong namumuo ang ulan. At gumagawa ito ng isang bilog, at nagbabalik sa isang turbo; at magiipon ito ng mas marami at mas marami pa hanggang sa bumigat ito nang husto, at saka ito bubuhos. Siya, ang Diyos, na...ni hindi Siya kayang pigilan ng grabitasyon sa lupa at umakyat Siya sa Langit. Ang Diyos na lumikha ng grabitasyon, ay makalilikha rin ng turbo na sapat ang laki upang makabuo ng batong aabot sa isandaang libra ang bigaat. Sinabi Niyang gagawin Niya ito, at gagawin nga Niya. Sino ang magsasabi sa Kaniya na huwag Niyang gawin ito? Gagawin Niya ito dahil sinabi Niyang gagawin Niya.

69 Nasa mga huling araw na tayo. Malapit na tayo sa paghuhukom. Bakit? Pinipilit nilang kainin ang lumang mana na pumatak noong araw, mga limampung taon na ang nakararaan, ang iglesiang Pentecostal. Ang iglesiang Holiness ay nagpipilit, mahigit ang dalawang daan taon ang nakalilipas. Ang mga Lutheran naman ay mga tatlong daang taon na, o higit pa, ang nakalilipas, maraming daang taon na ang nakalilipas. Pilit nilang kinakain ang lumang mana. Oh, kapatid, ang bgay na iyan ay naimbak na. Panis na iyan. Iyan ay...May—may...Aba, lagi kong sinasabi may mga kiti-kiti na iyan, may mga uod. Mamamatay ka kung kakanin mo iyan.

Nalaman natin na kung kinunsulta lang sana ni David at ng iba pa sa kanila ang Tinapay ng oras na iyon. Kung an gma saserdote, at mga propeta, at mga mangangaral, at mga teologo, at mga paaralan, at mga denominasyon, kung kinunsulta lang sana nila ang oras. Ngunit ngayon ay hindi na ito maktutulong sa kanila. Lumabas na ito. Hindi na ito makatutulong kaunti man. Wala na siya ngayon. Natawid na niya ang guhit na nasa pagitan ng pagsisisi, kahatulan at habag, mga limang taon na ang nakararaan.

70 Pansinin n'yo, ano nga ba ito kung gayon? Ano ba ang maaaring gawin? Ano ba ang dapat gawin? Kunsultahin natin ang propeta, ang Biblia, na hindi natin maaaring dagdagan o bawasan. Kung gagawin natin iyan, aalisin tayo ng Diyos sa Aklat ng Buhay. Sinabi na ng Biblia, sa Malakias 4, kung ano ang magaganap sa araw na ito. Sa Apocalipsis 10, kung paanong ang Pitong Tatak ay mabubuksan at ihahayag ang lahat ng mga hiwagang ito na natago sa panahon ng mga reformista! Sinabi Niya kung paano itong maisasagawa. Nasa Biblia ito, ITO ANG SABI NG PANGINOON. Lubusa n at ganap na ipinakilala iyan ng Diyos; at binindika Niya na iyan nga ang Katotohanan sa pamamagitan ng mga tanda, mga kababalaghan sa langit, sa himpapawid, sampu ng iba pang mga bagay sa loob ng tatlumpu't tatlong taon. Sa palagay ba ninyo ay makikinig sila Rito? Hindi. Patay na sila. Hinawakan na nila ang isang bagay na siyang kumitil sa kabuuan nito. Hindi, hindi na ito makikinig; hindi na, hinding-hindi na.

71 Nang mangyari iyon, doon lang nakit ani David. Oh, Diyos, magsugo Ka sa amin ng isang David na nakakikita kung saan siya nakatayo, maaaring tumingin sa malayo at makitang ang Diyos ay nagnako ng isang bagay at kung paano Niyang isasagawa iyon sa araw na ito. Sinabi ng Diyos dito mismo sa Kaniyang Salita kung paano Niyang isasagawa iyon.

Sinabihan ng Diyos si Micheas. Sinuri ni Micheas ang pangitain niya sa harap ng apat na raang sikat nan propeta. Sinuri niya ang pangitain niya upang matiyak niang iyon nga'y tama. Binalikan niya kung ano ang sinabi ng propetang nauna sa knaiya para malaman niya kung ano'ng nangyari. Tumingin siyang pabalik, at nakita niyang tumayo roon si Elias, at ang sabi, "Ahab, hihmuirin din ng mga aso ang iyong dugo." Ngayon, noon niya nakita na ang pangitaing iyon ay tugmang-tugma sa Salita ng Diyos, kaya't sinalita niya iyon. At tama siya. Tama. Kahit ano pa ang sabihin ng iba sa kanila, nanatili sila sa Salitang iyon.

72 Ngayon, tingnan natin ang pangitain natin sa araw na ito. Ito ba ay pagtatayo ng mgasimbahan? Ito ba'y mga bagong bagay? Ito ba'y dakilang mga kaganapan? O, ito ba'y paghuhukom? Tumingin kayong pabalik at tingnan n'yo ang pangako para sa araw na ito. Tingan n'yo kung ano'ng kapanahunan na ang kinabubuhayan natin.

Sasabihin mo, "Buweno, purihin ang Diyos, Brother Branham, sinsero ako. Sumapi ako sa iglesia. Mayroon akong Bachelor of Arts. Ganito ang ginawa ko." Walang masama riyan, mainam iyan, wala akong laban diyan. Ganiyan din si David; ganiyan din ang mga saserdote ng araw na iyon; gano'n din ang mga teologo. Datapuwa't salungat iyon sa Salita.

Sinabi ng Diyos kung paano Niya itong isasagawa sa araw na ito, kung paano Niyang isasauli ang lahat ng bgay, at kung ano muli ang gagawin Niya Nangako Siyang magsasauli Siya. Tama talaga 'yan. Sa Joel 2:28 ay nganko Siyang magsasauli Siya. "Isasauli Ko," ang sabi ng Panginoon, "ang lahat ng mgataong kinain ng uod." Mayroon silang...Kita n'yo, iisang uod iyon. Nasa ibang yugto na siya ng buhay. At nang magsimulang kumain ang Catolisismo, pagkatapos ay ang Lutheran naman, ang Metodista, ang mga Pentecostal, at lahat ng mga kasunod; ang sabi Niya, "Isasauli ko ang lahat ng mga bagay pabalik sa isang Iglesiang katulad na katulad Niyaong nasa pasimula"

73 Masdan n'yo ang pangitain noong isang gabi. Ang Nobyang iyon na dumaan sa gawing ito ay siya ring Nobyang dumaan sa gawing ito. Pagakatapos ay nagsidaan anaman ang mga patotot, suot ang kanilang damit, ang maliliit na bagay na hawak nilang paganito, at umiindak sila sa saliw ng rock n' roll, at tinatawag ang sarili nilang Iglesia. Sasabihin mo, "Buweno, hindi namin ginagawa iyan."

Ganiyan ang tingin sa iyo ng Diyos. Hindi mahalaga kung ano ang tingin mo sa sarili mo. Ang mahalaga ay kung ano ang tingin sa iyo ng Diyos. Walang taong ang tingin sa sarili ay mali siya. Kapag tumingin ka sa salamin ng Salita ng Diyos, sasabihin Nito kung ikaw ba'y mali o hindi. Kung ginawa lang sana iyon ni David, disin sana'y nakita niyang nagkakamali siya. Kung ginawa lang sana iyon ni Achab o ng mga propeta, disin sana'y nakita nilang nagkamali sila.

Isang bindikadong propeta ang nagsabing, "Mamamatay si Achab at hihimurin ng mga aso ang kaniyang dugo." At ang hula niya ay tugmangtugma rito. Nang magkagayon ay natiyak niyang tama siya. Dapat sana'y nakira rin iyon at nalamn ni Jehosapat. Nang makita ni Micheas ang pangitain, minaliit siya ng mga tao sa panahong iyon, ngunit taglay niya ang ITO ANG SABI NG PANGINOON. Tama siya.

74 Pansinin n'yo, dinadala natin ang bagay na ito sa araw na ito, kung kailan ay nakikita natin ang dakilang oras na darating. Pansinin n'yo kung ano rin ang sinisikap na gawin ni David. Mayroon akong maikling tala rito tungkol diyan. Sinisikap niyang dalhin ang Kaban sa bayan ni David, sa sarili niyang denominasyon.

Balikan n'yo nang unang mangusap ang Panginoon dito sa may ilog, "Kung paanong isinugo si Juan Bautista upang ihanda ang Kaniyang unang pagdating..." Kapatid, hindi iyon mapayagan ng mga Assemblies, gano'n din ng United, silang lahat. Kailangan rin nilang magkaroon ng isang tagapaghanda ng daan. Ah, kailangan nilang gawin iyon. Kita n'yo? Tamang-tama. Kailangan nilang lahat na dalhin iyon sa knai-kanilang mga bahay.

Nais niyang dalhin iyon sa bayan ni David. Bakit? Wala pang dakong nakahanda upang tumanggap dito. At iyan ang dahilan kung bakit hindi mo maaaring dalhin ang Mensahe sa isang denominasyon. Ang Salita, ang Kaban, si Cristo, "Siya ring kahapon, ngayon at magpakailan man," sampu ng lahat ng Kaniyang pagkakakilanlan; hindi mo ito maaaring dalhin sa iyong organisasyon. Hindi nila Ito paniniwalaan, dahil wala Itong puwang sa kanila. Hindi ba't sinabi ng Biblia na nasa labas Siya ng iglesia ng Kapanahunang Laodicea, at nagsisikap Siyang pumasok? Walang lugar doon sa bayan ni David, kahit pa gaano siya katapat, at gaano man iyon kadakila, at—at iba pa. Hindi pa rin iyon ang tamang lugar Sa Jerusalem iyon. Doon iyon napunta noong huli nang sabihin sa kanila ng propeta kung ano ang dapat gawin doon. Kita n'yo? Kaya't kinailangang dalhin iyon ni David sa sarili niyang bayan. Walang lugar na nakahanda para dito.

75 Si Cristo ang Kaban natin, at hindi nila Ito tatanggapin. Si Cristo ang Salita; hindi nila Ito tatanggapin. Ang gusto nila ay ang kanilang kredo, ang kanilang denominasyon, isang bagong kaban, o—o isang bagong sasakyan. Nais nilang ang denominasyon ang magdala Nito; isa itong bagong kaban. Siyanga. Alalahanin n'yo, si Cristo ang ating Kaban! Naniniwala ba kayong si Cristo ang Salita? Iyon ang

Kaban kung gayon. Tama ba? Mabuti. Hindi maaaring dalhin si Cristo sa Kaniyang tamang posisyon ng isang makadenominasyong karosa. Nakikitungo Siya sa isang tao at hindi sa grupo; isang tao. Yamang sinabi Niyang hindi. Kung gayon ang gagawin Niya, sasalungatin Niya ang Sarili Niyang Salita, sa Amos 3:7. At hindi mo Ito maaaring pagsinungalingin. Hindi po! Ito'y katotohanan.

Ngunit kita n'yo, sinusubukan nila. Hindi maaaring dalhin ang kaban ng isang organisasyon. Masaydong maramign pinuno roon. Kita n'yo? Hindi iyon maaari. Ipinangako Niyang hindi Niya iyon gagawin, at hindi nga Niya gagawin. Ang sabi Niya, nang mangako siya—kailan Niya ipinangako na gagawin Niya iyon sa ibang paraan? Iyan ang dahilang kung bakit ipinangako Niyang hindi Niya iyon gagawin. Huwag kayong mag-iisip ng ganiyan. Nadarama ko iyan. Kita n'yo?

76 Kaya't i—ipinangako Niyang gagawin Niya iyon sa isang paraan, at anumang bagay na salungat doon ay hindi Niya gagawin. Kita n'yo? Datapuwa't sa Kaniyang orihinal na pamamaraan, ayon sa ipinangusap Niya sa Amos 3:7, ganoon Diya iyon gagawin. At kailangan iyong mabindika at mapatunayang tama. Ngayon, alam n'yo kung ano ang ipinangako Niya sa araw na ito, kung gayon, isinasagawa na Niya iyon ngayon. Iyan talag ang sinabi Niyang gagawin Niya. Bubuksan Niya ang Pitong Tatak na iyon, sampu ng lahat ng gaagawin Niya; ihahayag Niya ang mga hiwaga roon, kung paanong ang mga bautismong ito at lahat ng mga bagay na ito ay nagulong lahat. At narito iyon, sa pinaka-Presensiya Niya. Pinatutunayan ito ng agham. Ipinahayag ito ng kalangitan. May mga taong nakatayo at nakatingin dito, at nakita nilang nagaganap ito. Wala siyang anumang sinabi na hindi nagkatotoo. Hayan. Para malam n'yo kung nasaan na tayo sa araw na ito.

77 Ngayon, sinumang tao a nagtataglay ng Kaniyang Espiritu, ay nakababatid niyan; kung nasa kaniya ang Espiritu ng Diyos, alam niyang Ito ang Katotohanan, sapagkat ang Espiritu ng Diyos, alam niyang Ito ang Katotohanan, sapagkat ang Espiritu ng Diyos ay hindi mangungusap nang salungat sa Salita. Hindi, hindi. Tutugma ito sa Salita. Sasabihin mo, "Nasa akin ang Espiritu Santo. Sumigaw ako, nagsalita ako ng iba't-ibang wika. Nakapagsaya na ako sa Espiritu." Walang kabuluhan iyan sa Diyos. Kita n'yo? Ganiyan din ang ginawa ni David, ahlos ganian din ang ginawa niya noon. Umait siya nang ubod lakas, at sumagw siya nang ubod lakas. Lahat sila ay gayon ang ginawa at patungo sila sa kamatayan. Tama. Walang kinalaman iyon doon.

78 Ang Salita ang mahalaga, ang Salita ng Panginoon. "Ang naghihintay sa Panginoon." Opo. Kita n'yo, yaong nagtataglay ng Espiritu ng Diyos, tinitingna nila ang pangako para sa araw na ito, at nagbabantay sila at naghihintay hanggang sa makita nila Ito. Pagkatapos ay sasabihin nila, "Iyon na Iyon." Hinahayag Iyon ng Diyos sa kanila.

Tulad ni Natahanael. Humayo si Felipe at hinaanp niya si Nathanael. At ang sabi ni Nathanael, "Ngayon, sandali lang. Alam kong naipangako iyan, ngunit hayaan mong tingnan ko muna." At nang makita niya Iyon, ang sabi niya, "Ito na nga iyon." Ang sabi ng babae, "Ngayon, alam ko na, narinig ko na ang napakarming teologo. Nagawa ko na ang ganito at ang ganoon. At nabasa ko na rin ang Biblia, at alam kong tayo'y...May Mesiyas na darating, na magsasagawa ng mga bagay na ito, kaya't ikaw nga ang Kaniyang propeta." Ang sabi niya, "Ako nga."

Ang sabi niya, "Halikayo, tingna ninyo ang isang Lalaki, Siya na Iyon." Naghintay siya hanggang sa makita niya ang Mesiyas na naipakilala ng Salita ng Diyos, saka niya sinabi, "Iyan ang matagal na naming hinihintay, sa loob ng apat na raang taon. Hindi pa kami nagkakaroon ng propeta o ng anuman. Naririto Siya, at Siya mismo ang nagsabi na Siya nga Iyon." [Patlang sa tape -Ed.] "...lumabas kayo at tingnan n'yo ang isnag Lalaki na nagsabi sa akin ngma bagay na nagawa ko." Ngunit nais Siyang patayin ng mga saserdote, at nagawa nga nila nung huli. Kita n'yo? Ngunit hindi nila mapapatay ang Espiritu Niya sa araw na ito. Tama. Hindi, hindi nila Ito mapapatay. Naparito Ito upang ibilang tayo, kaya't nagpapasalamat tayo. Pansinin ninyo kung gaano kadakila ang Diyos, kung gaano kadakila ang Kaniyang mga gawa, kung paanong hindi ito maaaring mabigo!

79 Ngayon, ang Diyos ay may inilaan at orihinal na paraan ng paggawa ng mga bagay-bagay, at hindi Siya gagaw ng anumang bagay na sasalungat doon.

Ngayon, ipinangako niya sa huling mga araw na iyon ang gagawin Niya. At nagsugo Iyon sa kanila, sa atin ng isang Mensahe; at ang Mensaheng ito ay matataglay ng iisang pagkakakilanlan gaya ng kay Elias, gaya ng kay Eliseo, gaya ng kay Juan Bautista. At isasauli Nito ang puso ng mgato, hindi sa denominasyon, kundi sa orihinal at apostolikong mga magulang, pabalik sa Salita. Ang mga bagay na ito ay nabindika na. Kung paanong sa pag-ihip ng huling anghel, sa Apocalipsis 10, "Sa mga araw ng ikapitong anghelk, ang mga hiwagang ito na naita-..." "Bakit ginagawa ito ng mga Metodista, at ng mga Baptist, at ng Church of Christ, at ng Saksi ni Jehova, ganoon naman ang ginagawa nilang lahat?" "Ang mga hiwagang iyon ay maihahayag sa huling araw, kapag ang ikapitong anghel...ang Mensahe ng ikapitong anghel, kapag siya..." Hindi kapag pinasimulan niyang gawin ito, kundi, "Kapag sinimulan na niyang patunugin ang kaniyang Mensahe." [Kumatok ng dalawang ulit si Brother Branham sa pulpito -Ed.] Kita n'yo? Hindi ang mga taon ng pagahhanda, kundi, "Kapag sinimulan na niyang patunugin ang kaniyang

Mensahe, ang mga hiwagang ito, kung gayon ay maihahayag na." At naririto na ang mga iyon; hindi ko alam ang mga iyon, at kayo ay saksi roon.

80 At bukod dito, doon sa malaking obserbatoryo, upang hindi na makapangatwiran ang mundo, nagtataka pa rin sila kung ano ang nangyari. Sa Tucson, kinunan iyon ng litrato ng malaking obserbatoryo doon sa itaas; hanggang ngayon ay nagtataka pa rin sila kung ano ang nangyari. Ano iyon? Iyon pa rin ang nilalagay nila sa pahayagan, "Mayroon bang nakaaalam kung ano ang nagyari at kung paano iyon nangyari?" Walang halumigmig doon, walang hangin, walang halumigmig; tatlumpung milya ang taas niyon. Ay, naku! "Magkakaroon ng mga tanda sa langit. At kapag naganap na na gmga bagay na ito, ang paglindo sa iba't-ibang lugar, kung magkagayon ay lilitaw sa langit ang tanda ng Anak ng tao." "Sa araw na ion," sa Lucas, "muling ihahayag ng Anak ng tao ang Kaniyang Sarili; maihahayag, ang sarili Niya." At ang sanlibutan ay magmumukhang Sodoma at Gomorra. Ay, naku! Mga kapatid, huwag kayong maging ignorante tungkol sa mga bagaybagay, kta n'yo. "Saliksikin n'yo ang Kasulatan, sapagkat sa mga ito ay iniisip ninyong Walang Hanggan, kayo'y may Buhay na Walang Hanggan; at

ang mga ito ang nagpapatotoo sa Salita." Ang mga ito ang nagpapatotoo sa Katotohanan, ang mga bagay na ginagawa ng Diyos sa oras na ito.

81 At ngayon , pansinin. Sila na may Spiritu ng Diyos ay naghihintay sa mga bagay na ito. At kung makita nila ang mga bagay na iyon, ay paniniwallan nila ito. Sinabi ni Jesus, "Walang sino mang taong makakalapit sa akin liban silay palapitin ng Ama, at ang lahat ng ibinigay sa akin ng ama (Siya ang Salita), lalapit sila sa akin; lalapit sila sa akin."

Naging napaksakit kong mangusap sa umagang ito, kita n'yo. Naghihintay sila sa Panginoon, naghihintay sila; at kapag ginawa nila iyon, at nakita nila ang pangako sa araw na ito, na nabibindika, pinasasariwa nito ang pananampalataya nila sa Salita. Pagkat ipinangako Niyang gagawin Niya iyon, at naririto Siya at giangaw iyon. Kung magkagayon ay walang pagaalinlangan. Ang Diyos ang nangungusap. Ang Salita muna Niya ang nangungusap. Pagakatapos, ang Espiritung naghahatid nitoang tumutupad ng bagay na sinabi ng Salitang gagawin Nito.

Oh, napakarami nating panggagaya. Magakakaroon pa tayo ng higit pang marami, mga taong tapat ang puso na nagsisikap na gumawa ng gma bagay sa ganitong paraan, at sa ganoong paraan, ngunit masdan n'yo kugn ano ang nangyari. Hihipuin iyon ng matao at pag—pagkatapos ay mamamatay sila. Kita n'yo, pansin n'yo.

82 Walang makadenominasyong paraan ng tao ang gagana kailan man, nagsisipagtipon ng mga kasapi para sa kanilang mg asariling-gawang makadenominasyong kaban. Kailan man ay hindi nagkaroon ang Diyos ng isang denominasyon. Kailan man ay hindi Siya magkakaroon ng denominasyon. At ito ay gawa ng tao.

83 At iniisip ko tuloy sa araw na ito, kung ang lahat ng ating mga panghihikayat at naglalakihang krusada at mga revival, kung hindi kaya ang pinupuno natin ay ang kaba ng Metodista, ang kaban ng Baptist, ang kabang ng Presbyterian! Ngunit paano naman ang kaban ni Cristo, ang Salita? At kung ang Nobya ay magiging Salita, kung gayon ay kailangan Siyang maging kabahagi ni Cristo, bahagi ng Nobyo. Kailangang maging Salita Siya; hindi ang Salita para sa Kaniyang panahon; ang Salita ng araw na ito, na ipinangako Niyang darating sa araw na ito, na isinugo Niya ang Kaniyang Salita upang hubugin ang Kaniyang Nobya at buuin Siya. Sana ay makita natin ito! Huwag kayong kukuha ng sarili n'yong kaisipan, at huwag din kayong kukuha ng kaisipan ng ibang tao. Ang kunin n'yo ay ang bindikadong Salitang ito, ang Biblia. Ito ang magasasabi. Ipinangako ng Diyos sa Kaniyang Salita kung paano Niyang pipiliin ang Kaniyang Nobya sa huling araw na ito. Alam ba ninyo iyan? Ipinangako Niya ito, kugn paano Niyang gagawin iyon, at sa Kaniyang orihinal na plano ng pamimili kay Cristo, ng pamimili ng mga oras, pamimili ng kapanahunan. Kung paano Niyang...Hindi Niya iyon mapapalampas sa Knaiyang Nobya, sapagkat bahagi Siya ng Salitang iyon.

Hindi Niya iyon maaaring piliin sa pamamagitan ng denominasyon sapagkat hindi Niya pinili si Cristo sa pamaamgitan ng denominasyon. Nagtungo ba si Crsisto sa denominason? Hindi. Tinanggihan nila Siya. Buweno, iyan ang ginawa ng denominasyon. Kung gayon, kapag namili Siya ng Nobya, maaari kaya Siayng gumamit ng ibang paraan? Paano ba Niyang dinala rito si Cristo? Sa pamamagitan ng Salita ng mga propeta. Tama nga ba? Paano kaya Niyang dadalhin dito ang Kaniyang Nobya? Sa pamamgitan ng mga Salita ng mga propeta. Paano ba Niya Siyang ipinakilala nang dumating Siya? Sa pamamagitan ng isang taon nagtataglay ng espiritu ni Elias, lumabas mula sa ilang. Paano ba Niyang ipakikilala ang Nobya Niya? Ipinangako Niya sa Malakias 4 ang gayon ding bagay, bago Niya wasakin ang mundo, gaya ng naganap sa kaarawan ng Sodoma.

84 Alalahanin n'yo, nasunog ang Sodoma. Tama ba? Buweno, masusunog din ang mundong ito. Sinabi iyan ni Jesus. At ito'y magaganap sa panahong gaya ng sabi sa ika-17 kabanata ng Lucas at ika-30 talata, "Sa mga ataw na matutulad sa Sodomat at Gomorra, at pagakatpos ang Anak ng tao ay mahahayag." At pagkatapos ay ano ang mangyayari? Ayon sa Malakias, muli Niyang susunugin ang lupa,

at yayapakan ng matuwid (sa Milenyum) ang mga masasama. Tama ba 'yon? Kita n'yo? Kaya't narito na tayo sa huling panahon. Nakaupo na tyao rito sa pintuan ngayon, naghihintay sa Kaniyang pagdating.

85 Pansinin n'yo, ipinangako ng Diyos sa Kaniyang Salita na hihirangin Niya ang Kaniyang Nobya sa orihinal Niayng pamamaraan; ang Nobyo. Hinula Niya iyon sa pamamagitan ng mga propeta at nagsugo Siya ng propeta upang kilalanin ito. Ang sabi ng propeta, habang nakatayo siya sa pangpang ng ilog Jordan, "Narito!" Ang sabi nila, "Ikaw ang Mesiyas, hindi ba?" Ang sabi niya, "Hindi, hindi ako ang Mesiyas." "Ikaw na nga ang Mesiyas."

"Ngunit hindi ako Iyon. Datapuwa't nakatayo Siya ngayon sa inyong kalagitnaan. At hindi ako karapat-dapat na magkalas ng Kaniyang panyapak. Kapag dumating Siya, ipakikilala Niya ang Sarili Niya..."

At sa araw na ito, nakatayo Siya sa ating kalagitnaan sa katauhan ng Espiriitu Santo, nagpapamals ng Kaniyang Sarili anng higit kaysa dati, naguttungo sa Kaniyang Iglesia, ipinakikilala ang Kaniyang Sarili; sapagkat Siya at ang Noby at ang Nobyo ay magiging magkakatulad, ipinakikilala Niya ang Sarili Niya. At isang araw ay makikita n'yo na yaong nararamdaman n'yo sa puso n'yo, at nakikita ninyo ang Kaniyang pagkakakilanlan, ay magiging personal sa inyong harapan, kung magkagayon, ikaw at Siya ay Iisa na. Nagkaisa kayo sa pamamgita ng Salita. At ang Salita sa pasimula ay magbabalik sa pasimula, at Diyos iyon. "At sa araw na iyon ay malalam ninyo na Ako ay nasa Ama, ang Ama ay nasa Akin; Ako ay nasa inyo, at kayo ay nasa Akin." Aleluia! Naririto na tayo. Aleluia! Lubos akong nagagalak na makita Siayng nagiging personal dito mismo sa kalagitnaan natin, at makita kung ano ang ipinangako Niya para sa Salita; hindi ang emosyon ng kung sinong tao, umaawit at lumulundag at nagsasayaw. Ngunit sa pamamagitan ng Kaniyang Salita, amen, ipinakikilala Niya ang Sarili Niya.

86 Tingnan n'yo, nang dalihin nila, nang itayo nila ang templo at dalhin nila ang kaban sa loob nito, pumasok ang Diyos doon nang may Haliging Apoy. Amen. Si David ay naglulundag at umawit, ang mga mang-aawit at ang mga saserdote ay nagwala, samantalang labas sila sa kalooban ng Diyos. Ngunit nang ipakilala ng Diyos ang kaban sa tama nitong lugar at kalagayan, bago pa nila maipasok ang kaban doon, heto na ang Haliging Apoy, nangunguna sa daan; bumaba iyon sa pinakpakpak ng mga kerubin, at doon mismo sa likod ng kabanal-banalang dako, ang dakong pahingahan Niya; ang Haliging Apoy! At ang kaluwalhatian ng Diyos ay naparoon, hanggang sa ang mga tao, hindi nila malam kung paano pa silang makapaglilingkod. Amen. Isasara nito ang mga mata sa bawat teologo, kapag dumating Siya para sa Knaiyang Nobya. Aagawin Siyang paitaas sa—sa kalagitnaan ng gabi, gaya ng naganap noon, sa kanila. Ni hindi nila Siya makikitang umaalis. Oh, purihin ang Diyos!

87 Pansinin ni'yo, ipinangako ng Diyos na ilalabas Niya ang Kaniyang Nobya, iyan nag gagawin Niya. Magakakroon ng isang Binhi. Magkakaroon ng Liwanag sa oras ng gabi, at ganap Niyang isasagawa ang lahat ng mga bagay na ito, at sa paraang binalak Niya sa Lumagn Tipan at sa Bagong Tipan. At hindi iyon sa pamamagitan ng denominasyon. Hindi iyon sa pamamagitan ng sistemang ginagamit natin ngayon. Kamatayan lang ang ibinubunga nito. Hinihipo Ito ng mga tao, at nangamamatay sila dahil dito. Kita n'yo?

88 Ang Salita, ang panggabing Mensahe, ay dapat magdala ng panggabing bunga. Ang panggabing Mensahe ay dapat maghasisk ng panggabing Binhi, hindi pang-umagang binhi. Panggabing Binhi! Tama ba? Ang katanghaliang tagpo, ang mga binhi nito noon, ay denominasyon; namatay iyon, napahamak. Datapuwa't ang panggabing Mensahe ay magpapakita ng panggabing Liwanag, at magpapakita ng panggabing mga bunga; ang panggabing Mensahe! Ang panahon ni Jesus, ang katanghaliang Mensahe, ay nagpakita ng katanghaliang bunga. Ang panimulang Mensahe ay nagpakita ng panimulang bunga, nakagawa ng paglikha. Nilikha Niya ang Kaniyang Anak ayon sa Kaniyang wangis, sa katangahliang tapat. Sa oras ng gabi ay lilikha Siya ng siang Nobyo para rito. Kita n'yo? Sa pamamagitan ng ano? Ng Kaniyang Salita. Paano ba Niyang inanyuan ang lupa? Paano ba Niyang sinalita iyon upang malikha? Sa pamamagitan ng Kaniyang Salita! Sino ba ang Kanyang Anak? Ang Salita! "Sa pasimula ay ang Salita, at ang Salita ay sumasa Diyos. At ang Salita ay nagkatawang tao at tumahang kasama nila." Paano ba Niyang kukunin ang Kaniyang Nobya? Sa pamamagitan ng Salita; hindi sa pamamagitan ng bagong karosa, hindi sa pamamagitan ng kaisipan ng isang teologo. Kundi ayon sa Salita Niya ay ipakikilala Niya Siya. Huwag ninyo itong dadagdagan o babawasan man ng anuman. Iwan n'yo na lang Ito sa kasalukuyan Nitong kalagayan. Kita n'yo?

89 Sa oras ng gabi, ipinangako Niyang Kaniyang ihahayag, magakagayon man, bubuksan Niya ang Pitong Tatak na ito at ipakikita Niya kung ano ang hindi nakita ng mga iglesiang iyon noon. Apocalipsis 10, at Malakias 4, sa Lucas 17:30, ay sinabi Niyang gagawin Niya ito. Ngayon huwag natin itong paghalu-haluin. Panatiliin natin itong itama na tulad niyan.

Hayaan n'yong sa aking pagwawakas...Halos ay labinlimang minuto na lang bago mag ikalabin gdalawa. Hayaan n'yong magwakas ako, sa pangungusap na ito. Mga kaibigan, makinig kayo, sa Pangaln ng Panginoong Jesus! Masyadong malinaw ang mga bagay na ito para hindi ninyo paniwalaan. Masyado

Itong malinaw para hindi ninyo makita. Tiyak kong nakikita n'yo Iyan! Tiyak kong nakikita iyan ng buong mundo! Kaya nga lang ang inyong... Huwag kayong magpaimpluwensiya sa mga pasikat at mga bagaybagay na nasa kanila ngayon; kahit gaan pa sila kabuti, gaano man sila katapat.

“Kung hindi sila mangungusap ayon sa kautusan at sa propeta,” ang sabi ng Biblia, “walang Buhay sa kanila.” Kita n'yo?

90 Ang akala ni David ay tama siya. Sinsero siya. Ang akala ng mga saserdoteng iyon ay tama sila. Sinsero sila. Ngunit hindi nila kinunsulta ang Panginoon tungkol dito. At paano ba nila dapat isinagawa iyon? Marahil ay sinabi nila, “Nanalangin kami nang husto.” Ngunit hindi iyon ang paraan ng Diyos ng pagsasagawa nito. Ipinangako Niyan ghindi Siya gagawa ng anumang bagay malibang ihayag muna Niya sa Kaniyang mga lingkod na propeta. At nakatayo roon si Natahanael sa kalagitnaan nila, at ni hindi man lang nila siya kinunsulta.

91 Ngayon, basahin n'yoo ang ilang mga kasunod na kabanat ng Mga Cronica, at makikita n'yo. Nang maupo si David sa loob ng bahay, at sabihin niyang, “Tama,” at nakaupo noon sa tabi niya si Natahanael, “na ako'y nakatira sa bahay na yari sa sedro at—at ang kaban ng Diuyos ay naroon sa silng ng mga tolda?” At nasumpunga ni Natahanel mula sa Panginoon, kung ano ang dapat niyang sabihin na dapat niyang gawin.

At nagkamali siya, kaya't ang sabi ng Diyos, “Sabihin mo sa lingkod kong si David na mahal Ko siya. Dinakil aKo ang pangalan niya gaya ng mga dakilang tao sa lupa, ngunit hindi Ako makapapayag na gawin niya iyon,” kita n'yo, “binigo niya Ako. Kita n'yo, hindi ko siy papayagan. Magpapalitaw ako ng isang lalaki, ang anak niya, siya ang magtatayo ng walang hanggang tahanan ng Diyos.” At anupa't si David iyon. At itinipo iyon ni Solomon, datapuwa't nabigo siya. Bawat tao ay walang pagsalang mabibibgo. Bawat tao ay kailangang mabigo. Ang Diyos lang ang hindi mabibigo. Hindi Siya mabibigo. Iyan ang isang bagay na hind magagw ng Diyos, ang mabigo. At ang Diyos ay ang Salita. At ang Salita, kahit na para bang mangyayri iyon sa ibang kaparaanan, mangyayari iyon, kung paano talaga inilahad iyon ng Salita.

92 Ngaon, alalahanin n'yo, kailangang sunda n'yo ang kapanahunan, ang oras. Kita n'yo? At kugn anong kapanahunan ang kinabibilangan n'yo, kung anonng oras, at hayaan n'yong mabindika iyon, upang matiyak ninyo na iyon nga talaga ang Katotohanan.

Ngayon, kunin n'yo ang lahat ng mga bagy na ito na dapat gawin, ang buogn Salita, ang lahat ng mga tipo, sampu ng mga bagay-bagay, at tingnan n'yo kung saan kayo nakalagay. Isipin n'yo ang oras na kinabubuhayan natin. Tumingin kayo roon, halos ikasampung bahagi ng lupa ay handa nang lumubog. Iyan ang sinasabi ng agham. Tinitingnan nila ang orasan. Ilang taon na ang nakalilipas, ang sabi nila, “Tatlong minuto na lamang bago maghating-gabi.” Maaaring isang minuto na lang, maaaring kalahting minuto na nga lang. Ang sabi nila, “Hindi mangyayri iyan sa salinglahi natin.” 185 “Maaaring mangyari iyon sa loob lamang ng limang minuto.” At pansinin n'yo ang kasunod na sinabi niya, “Limang taon.” Hindi ako ang nagsabi niyan ha. Siya ang may sabi niyan, ang scientist. Nagsisilikas sila palayo sa California na parang mga langaw. Kita n'yo? Buweno, noong araw na lumabas si Lot sa Sodoma, sa araw ding iyon ay umulan ng apoy sa lupa. Isa sa mga araw na ito ay kukunin na ng Diyos ang Mensahe natin, at aalis na tayo rito. Mayroon at mayroong mangyayari, tiyak na tiyak, at, kapag wala na ang Iglesia rito, ang Kaniyang Katawan, ang Kaniyang Nobya.

93 Ngayon ay nais ko kayong basahan ng Kasulatan, at nais kong sabayan n'yo ako sa pagabasa. Nais kong buklatin n'yo ang Deuteronomio 4, sa ating pagwawakas. Palagay ko naman ay sapat na ang naipangusap, upang maunawaan ninyo ito. Sa Deuteronomio 4. Babasa ako ng dalawang bahagi rito. At sa iglesiang ito, at sa mga nasa tape, at sa mga taong naka-hookup sa iba't-ibang bahagi ng bansa, nais kong basahin n'yo itong maigi, at huwag na hindi ninyo gawin. Ito ang bagay na aking... Sa Deuteronomio, sa ika-4 na kabanata. Sisimulan ko sa unang talata. Nais kong basahin ang unang talata, pagkatapos ay babasahin ko naman ang ika-25 at ang ika-26 na talata. Maaaring basahin n'yo ang kabuuan nito paguwi n'yo; ngunit para lang makatipid tayo ng oras, nang sa gayon ay makalabas tayo sa tamang oras, pagkat kailangan ko pang bumalik mamayang gabi, kung loloobin ng Panginoon. Pakinggan n'yo ang pangungusap ng propetang ito. Galing siya sa presensiya ng Diyos. Alam niya kung ano ang ipinangungusap niya. Makinig kayo.

At ngayon, Oh Israel, dinggin mo an gmga palatuntunan, at ang mga kahatulan, na aking itinuturo sa inyo, upang sundin ninyo; upang kayo'y mabuhay, at pumasok, at inyong ariin ang lupain na ibinibgay sa inyo ng Panginoon, ng Diyos ng inyon mga magulang. (Itinitipo niyan ang ating Milenyum.)

Huwag ninyong daragdagan ni babawasan ang salita na aking iniuutos sa inyo, (“Huwag ninyong daragdagan Ito ng isa magn bagay, at huwag ninyo Itong babawasan ng isa mang bagay. Manatili lang kayo, sabihin lang ninyo kung ano ang sinasabi Nito!”) upang inyong maingatan ang mga utos ng Panginoon ninyong Dios.

Nakita ng inyong mga mata ang ginawa ng Panginoon...tungkol kay Baalpeor; sapagkat lahat ng gma

tao na sumunod kay Baal-peor, ay nilipol ng Panginoon mong Dios, sa gitna mo. (Ngayon ay isa na kayong ibinukod na bayan, inilabas sa mga denominasyong iyon." Kita n'yo? Kita n'yo?)

Ngunit kayong umayon sa Panginoon ninyong Dios ay nangabubuhay pa ang bawa't isa sa inyo sa araw na ito. ("Hindi kayo namatay kasama ng inyong denominasyon. Nabubuhay kayo ngayon, sa Presensiya ng Diyos.") Magtatapos na tayo, huwag ninyong palalampasin ito.

Sa talatang 25, ngayon, nang patungo na sila sa lupain, ngayon, masdan n'yo kung ano'ng nangyari. Pagka ikaw ay nagkaanak at nagkaanak ang iyong mga anak, at kayo...nagluwat kayo ng malaon sa lupain yaon, at nagpakasama kayo (iyon ang nangayari), at gumawa...kayo ng larawang inanyuan (bagay na kaiba) na kahawig ng anomang bagay, at gumawa kayo ng masama sa paningin ng Panginoon mong Dios, upang mungkahiin ninyo siya sa kagalitan: (Makinig!)

Ay aking tinatawag ang langit at ang lupa upang sumaksi laban sa inyo s araw na ito, na kayo'y malilipol na madali na walang pagsala sa luapin na inyong tinutungo ng pagdadaanan sa Jordan, upang ariin: hindi ninyo mapatatagal doon ang inyong mga araw, kundi kayo'y lubos na malilipol. na aking iniuutos sa inyo.

94 Si Moises ito na nangungusap sa Israel matapos siyang ibindika ng Diyos, sa pamamagitan ng Haliging Apoy, at alam niyang napatunayang siya ang lingkokd ng Diyos na aakay sa kanila palabas. At bago sila makarating sa lupain, bago sila mkapasok, ang sabi ni Moises, "Ngayon, sa mga Salitang sinalita ko sa inyo, tinatawag ko ang langit at lupa upang sumaski laban sa inyo. Kung magdaragdag ka ng isang bagay Dito, o kung magbabawas ka ng isa mang bagay mula Rito, hindi ka maaaring manatili sa lupaing ipagkakaloob ng Panginoon ninyong Diyos sa inyo." Kaya ito rin ang sasabihin ko, sa Pangalan ng Panginoong Jesus Cristo! Huwag kayong magdaragdag ng isa mang bagay. Huwag kayong kukuha, maglalagay ng sarili ninyong kaisipan Dito. Kailangang ang ipangusap ninyo ay kung ano talaga ang inuutos sa inyo ng Panginoong Diyos. Huwag na ninyo Itong daragdagan.

95 Lagi Niyang tintupad ang pangako Niya sa atin. Bawat pagnako Niya, ay tinutupad Niya. Sinabi ba Niya sa inyo kung ano ang mangyayari at nangyari nga ba? Tiantawag ko ang langit at lupa sa harapan ninyo sa araw na ito, bilang hamon. Mayroon na bang anumang sinabi ang Diyos na hindi Niya tinupad ayon sa sinabi Niyang gagawin Niya para sa atin? Hindi ba't ginawa Niya kung ano ang sinabi Niya? Ganiyan nga ang nangyari. At patuloy Niya itong gagwin. Huwag lang kayong magdaragdag. Huwag kayong magbabawas. Sampalatayanan lang ninyo Ito at lumakad kayong nagpapakumbaba sa harap ng Panginoon ninyong Diyos, spagkat malapit na tayong pumasok sa Lupain. Kung magkagayon, hindi na kayo mula pang magbabalik, hindi na kayo muli pang magbabalik sa ganitong uri ng buhay. Magbabalik kayong isang imortal na nilalang. Magbabalik kayo kapag wala nang kasalanan, kapag iginapos na si Satanas, at sa loob ng isang libong taon ay mabubuhay kayo sa ibabaw ng lupang ito na ipinagkaloob sa inyo ng Panginoon ninyong Diyos. "Sapagkat mamanahin ng maano ang lupa." "Mapalad ang taong tumutupad sa lahat ng Kaniyang mga uto, upang magkaroon siya ng karapatang pumasok sa Bayang iyon." "Sapagkat nasa labas ang mga manggagaway, ang mga sinungaling, ang mga mangangalunya, at ang mga aso. Sapagkat hindi sila makapapasok doon." Para lang iyon sa mga tinubos at sa mga nagisislakad sa Kaniyang mga katusan.

96 Huwag kayong kukuha ng kung anong bagong bagay. Naglipana ang mga iyon, at marami pang darating. Ngunit huwag ninyong kukunin ang mga bagaong bagay na ito. Ipinahayag ng Panginoon ninyong Diyos sa inyo kung ano ang Katotohanan. Binindika na ng Panginoon ninyon gDiyos kung ano ang Katotohanan, sa pamamagitan ng Kaniyang Salita, at ng Kaniyang Espiritu. "Hindi sa pamamgitan ng lakas, hindi sa pamamagitan ng kapangayrihan, kundi sa pamamgitan ngAking Espritu." At, ang Espiritu, "Hinahanap ng Diyos an gmga taong sasamba sa Kaniya sa Espiritu at Katotohanan." "Ang Iyong Salita ay Katotohanan." At lubusan na Niyang nabindika na si Jesus Cristo ay siya ring kahapon, ngayon, at magpakailan man. Ipinakita na Niya sa inyo ang poanggabing mga Binhi. Ipinahayag na Niya Ito sa inyo, sa Kaniyang Salita. Pinatunayan na Niya Ito sa inyo sa pamamagitan ng Kaniyang Espiritu.

97 Huwag na huwag kayong magsisimula o susubok na bumuo ng isang organisasyon. Huwag kayong susubok na magtatg sa ibabaw ng anupa-mang bagay. Datapuwa't manatili kayong nagpapakumbaba sa harap ng Panginoon ninyong Diyos, sapagkat tila ang mga pintuan ay malapit nang magbukas patungo sa Lupang pangako. Kung gayon ay magsipasok tayong taglay ang tuany na pg-aawitan at pagbubunyi, kapag naroon na ang Nobya at ang Nobyo sa Luklukan.

Mamuhay kayo nang may bong pagpapakumbaba. Mamuhay kayong nagsisiibig. Ibigin ninyo ang sia't isa. Huwag na huwag kayong papayag na may mamagitan sa inyong anumang bagay. Kapag may nakita kayaong anumang bagay sa puso ninyo laban sa ibang tao, alisin na ninyo kaagad iyon. Hwag ninyong hahayaang... At pipilitin ni Satanas na makapasok sa inyong kalagitnaan. Kita n'yo? Huwag ninyong papayagang mangyari iyan. Maaaring may dumating na taong matamis kung manalita at susubok na maglayo sa inyo Rito. Sa palagay kaya ninyo ay magagawa nilang kumbinsihin si Moises na lumabas sa Presensiya ng Diyos, samantalang tumayo siya roon at nakita niya Iyon? Hindi po! Hindi. Hindi tayo

nagbabawas o nagdarag Dito. Sundin natin Ito kung paanong sinabi ng Panginoon. Ayaw natin ng denominasyon. Ayaw natin ng organisasyon. Ayaw natin ng malisya. Ayaw natin ng alitan. Ang nais natin ay ang Diyos, at Siya ang Salita. Ngayon ay magsiyuko tayo.

98 O Diyos, tumitingin ako sa paligid sa pamamagitan ng espirituwal na paningin, sinisikap kong makita kung ano ang nagaganap. Nakikita ko ang Iyong Salita kung paano itong nabibindika, kung paano itong napatutunayan; mula pa noong tatlumpu't taltong taon nang nakalilipas, dito sa may ilog, ayon sa sinabi Mo. At naririto, pagkalipas ng tatlumpu't tatlong taon, tinutupad Mo kung ano ang sinabi Mo. At tinutupad Mo ng ang sinabi Mo. Panginoon, huwag nawang mangyari na sbukuin namin itong paliitin o palakihin man; panatiliin Mo lang Ito kung paano Mo Iton g ginawa, lalakad kami nang may pagpapakumbaba at susunod kami sa Iyo.

Ito ang mga tao, Panginoon, na ipinagkaloob Mo sa lingkuran, maliban doon sa mga nangatutulog sa buong bansa, sa buong mundo. Nasa mga sementeryoang marami sa mga nagsisipaghintay, mga pinagpalang banal. Datapuwa't gaya ng nasabi, "Kaming nangabubuhay at nangatitira ay hindi hahadlang sa mga nangatutulog. Tutunog ang pakakak, unang babangunin ang mga patay; kung magkagayon ay aagawin tayong kasama nila." Kapag naparito na sa lupa ang kaluwalhatian ng Dios, itatago Nito ang Iglesia sa sanlibutan. Ni hindi Ito nito makikita kapag Ito'y umalis na.

99 Amang Diyos, ingatan Mo ang mga ito sa Iyong mga kamay. Sila'y sa Iyo. Dalangin ko, Diyos, na langi kaming magpakumbaba sa Iyong harapan. Hindi namin alam kugn kailan. Hindi na namin hinahangad na malaman pa kung gaano pa katagal; hindi namin dapat iyong panghimasukan. Nasa sa Iyo na iyon. Hindi namin nais malaman pa kung kailan Ka darating. Ang hangad namin, Panginoon, ay ang manatili kaming nagpapakumbaba hanggang sa Iyong pagdating, at ang makasama Ka namin. Ang nais namin ay ang ipahayag Mo ang Iyong Sarili, sa kalagitnaan namin, paminsan-minsan, upang matiyak naming kasama Ka pa rin namin.

Patawarin Mo kami sa mga nagawa naming mga kasalanan. Gabayan Mo kami at ingatan Mo kami sa bawat panilo ng diablo, sa hinaharap. Pangunahan Mo kami, ata gabayan Mo po kami, O Diyos naming Ama. Patawarin Mo ang mga kasalanan namin at tulungan Mo kaming maging mga anak Mo. Mahihirap na tao kami. Itinakwil kami ng mga lipunan ng sanlibutang ito, ng mga iglesiang makadenominasyon. Nakikita na namin ang wakas. At pinasasalamatan Ka namin dahil sa aming espirituewal na paningin sa Iyong Salita, upang makita namin ang panahon ng wakas, sapagkat nag lahat ng ito ay kailangang humantong sa malawakang pambabato mula sa Langit. Tulungan Mo po kami, o Panginoon, upang hindi kami abutan dito ng araw na iyon, bagkus ay maparoon kami sa Iyong Presensiya, lumipad kami patungo sa Iyong sinapupunan.

100 Pagalingin Mo ang maysakit at ang nagdadalamhati, Panginoon. Dalangin namin na nawa sa gabing ito ay pagkalooban Mo kami ng isang dakilang gawain, nawa ay walang masumpungang isa magn taong nanghihina sa aming kalagitnaan, dahil sa Iyong Presensiya, Panginoon. Nawa ang aming mga puso ay laging matuon sa Iyo. At alam namin, Panginoon, na ang salapi, ang mga ari-arian, at mga bagay namin, na mga kaibigan namin, lahat ng bagay ay lilipas. Kahit gaano man kayaman, gaano man kahirap, sikat man kami o hindi, lahat ng mga ito ay lilipas. Datapuwa't isang bagay lang ang mahalaga sa pagtigil namin dito, at iyon ay si Jesus Cristo. Kaya't Diyos, hayaan Mong isantabi namin ang lahat ng bagay at ituring ang mga itong pangalawa lamang, at manangan kami sa Knaiya. At Siya ang Salita. Itulot Mo po ito, Panginoon.

Ang binindikang Salita ng oras na ito! Ang binindikang Salita ng mga kaarawan ni Moises ay si Jesus. Ang binindikang Salita sa kaarawan ni Isaias, ni Elias, ni Juan, at ng lahat, ay si Jesus. At ang bindikadong Salita ngayon ay si Jesus, siya ring kahapon, ngyaon at magpakailan man. Tulungan Mo po kami, Panginoon na mapniwalaan namin iyon, makita namin iyon, at magawa naming ipamuhay iyon. Hi—hiling namin ito sa Ngalan ni Jesus.

101 Habang nakayuko tayo, iniisip ko kung mayroong ilan dito ngayon na hindi pa talaga nagagawa ang isang iyon, na nakasasapat sa lahat...Naniniwala kayo, ngunit ang paniwalaan Ito ay hindi sapat. Naniwala akong mabuting babae ang asawa ko. Kila ako ang ama't ina niya. Maraming taon ko na siyang kilala. Matuwid ang buhay niya. Naniwala akong isa siyang mabuting babae, ngunit hindi nangangahulugang dahil diyan ay akin na siya. Hindi siya naging akin hanggang sa tanggapin ko siya, at tanggapin niya ako. Ngayon nais kang tanggapin ni Jesus. Hindi mo ba Siya tatanggapin upang maging bahagi ka ng Kaniyang Salita? Kung hindi pa ninyo iyan nagagawa, habang nakayuko kayo at nagpapakumbaba ang inyon mga puso, umaasa akong...

102 Walang sapat na espasyo para magdaos tayo ng altar call dito. Kung sa bagay ay hindi ako masyadong nagtatawag nito. Ang paniwala ko ay maaari kayong puntahan ng Diyos sa mismong kinaroroonan ninyo. Maaari bang itaas ninyo ang inyon gmga kamay at sabihin n'yo, "Brother Branahm, alalahanin mo ako sa panalangin. Nais kong gawin iyan." Pagpalain kayo ng Diyos. "Ako'y..." Pagpalain ka ng Diyos. Naku, napakaraming kamay, sa lahat ng dako! "Nais kong maging ganiyan." Pagpalain ka ng

Diyos, kapatid ko. Pagpalain ka ng Diyos, kapatid; lahat kayo, sa buong palibot. "Nais kong maging ganiyan." Pagpalain kayo ng Diyos..."Talagang nais kong maging ganiyan. Na—nakikita ko na ito." Buweno, ngayon, tingnan mo, kaibigan, marahil ay mayroong maliit ng bagay...Kung hindi ka ganiyan, ibig sabihin ay may ibang bagay kang higit na pinagtutuunan ng pansin. Napakalapit mo na rito. Tinitingnan mo na ito. Nakikita mo na ito. Maraming taon mo na itong nakikita, na kumikilos. Nakikita mong gumugulang na ito ngayon. Kung iyan lang ang mahalaga sa buhay natin, at walgn ibang bagay na magtatagal maliban Diyan, bakit hindi mo ibaling ang iyong tingin palayo sa bagay na iyan na matagal mo nang tinitingnan at ituon mo ang sarili mo sa Kaniya? At ang swentor ng lahat ng buhay, ng buong kinabukasan, ay Siya. Maaari mo bang gawin ito habang nananalangin tayo?

103 Mahal na Diyos, habang ang mga kamay ng mga lalaki, babae, batang lalaki, batang babae, maging ng mga ministro ay nakataas. Na—nais nilang sa—sabihin na ibig nilang matuon ang kanilang mga sarili sa Panginoong Jesus, at gayunpaman tila hindi nila magawa. May isang bagay na humahatak sa kanila nang paganito at paganoon. Marahil ito ay isang denominasyon, marahil isang tao, marahil ay isang kasalanan, marahil isang bagay na itinatago nila sa kanilang puso. Hindi ko alam, Panginoon, habang tuamtawag Ka sa iba...Natawag Mo na sila. Sila'y sa Iyo na. At habang tinatawag Mo sila, iwaksi nawa nila iyon, ang pumipigil na kasalanang iyon, upang magawa naming takbuhin nang may pagtitiis ang takbuhin na inilagay sa aming harapan, na tumitingin kay..." kanino, sa aking trabaho, sa ating denominasyon, sa ating kinasasapian, sa mga konseho? "Kay Cristo na Siyang May Akda at Tagapagsakdal ng pananampalataya namin sa Kaniya." Gawin Mo po iyon, Ama, para sa amin sa araw na ito, sapagkat hinihiling namin ito sa Kaniyang Pangalan at para sa Kaniyang kaluwalhatian.

Ngayon sila'y sa Iyo na, Panginoon. Gawin Mo sa kanila ang nakikita Mong nararapt. Gawin Mo sa amin ang nakikita Mong nararapat. Kami'y sa Iyo. Sa Ngalan ni Jesus. Amen. Mahal Siya, mahal Siya Pagkat minahal Niya ako Nag-alay ng kaligatasan Sa Kalbaryo.

104 Nakalimutan na ba ninyo ang tanghalian? Nakalimutan na ba ninyo kung mabuti ang lagay ng mga bata sa kotse o hindi? Nakalimutan ba ninyo ang tungkol sa nakaraan, at napagtanto na ba ninyo kung ano iyang nadarama ninyo ngayon? Ito'y nagaganap sa inyong harapan, sa araw-araw. Kita n'yo? Hayaan ninyong iyan nang maging sentro ng anumang bagay. Hayaan ninyong umalis ang lahat ng iba pang mga bagay; maglalaho din naman talaga ang mga iyon. Oh, patuloy lang kayong sumunod sa Kaniya! Kita n'yo? Kung paanong sumunod si Eliseo kay Elias, sumunod tayo sa Kaniya. Sapagkat kailangan din nating umangat isang araw. Nakita na natin ang karuwaheng Apoy na nag-angat sa Kaniya palabas sa libingan. Nararamdaman natin Iyon sa kalagitnaan natin ngayon. Isang araw ay kakalagan Niya ang mga kabayo sa pagakakakawit sa mga halaman. Tayo'y aakyat. Hindi ba ninyo Siya minamahal? Nag-alay ng kaligtasan Sa Kalbaryos. Oh, hindi ba't halos nakikita na ninyo Siya sa himpapawid habant tayo't pumipikit? Mahal Siya, (sino pa ba ang maaari kong ibigin?) Mahal Siya Pagkat minaahl Niya ako Nag-alay ng kaligtasan Sa Kalbaryo.

105 Sa tuwi na lang na uuwi ako, ay laging may pumapanaw. Ilang buwan lang akong mawawala, pagbalik ko, mayroon na namang pumanaw. Nalulungkot ako tuwing ako'y paparito.

Nung isang araw, isang lalaking dati kong kaiskuwela ang nasalaubong ko sa kalsada, ang sabi niya, "Kumusta ka, Billy?"

Tiningnan ko siya, dati siyang magandang lalaki, maitim at makintab ang buhok niya na papalikod ang suklay; ngayon ay simputi na iyon ng niyebe. Dating tuwid na tuwid siya kung tumindig' ngayon ay nakausli nang ganiyan ang tiyan niya. Ang sabi ko, "Kumusta ka na, Jim?" Tiningnan ko Siya. Nadama ko sa puso ko, naisip ko, "Diyos ko, ang batang lalaking iyon at ako, ang lalaking iyon at ako, magkasing-edad lang kami." Kung gayon, bilang na ang araw ko. Alam kong hindi na ito magtatagal pa. Tinitngnan ko ang paligid, at iniisip ko, "Ano'ng maaari kong gawin, Panginoon? Tulungan Mo ako. Ayaw kong manguna sa Iyo. Nais kong manatiling nas alikuran Mo. Ika ang manguna." Nakatingin ako at nagiisip, "Limampu't anim na taong gulang na ako, ay naku, hindi na ako magtatagal!"

106 At nakatingin ako riyan sa ibaba ngayon, nakikita ko ang matalik kong kaibigang si Bill Dauch na nakaupo riyan, pitumpu't dalawa o pitumpu't tatlong taong gulang na. Tinitingnan ko ang paligid, nakikita ko ang mga batang ito, iniisip nila, "Buweno, hihintayin kong magin kasing edad ko si Brother Branham, saka ko na pag-iisipan iyan." Anak, baka hindi mo na abutin iyan. Malaki ang duda ko na aabot ka pa ng gano'ng edad. Kita n'yo? Ngunit, isipin na lang ninyo, kung mabubuhay pa si Brother Bill Dauch pagkatapos ng araw na ito, mas mahaba pa ang magiging buhay niya kaysa sa daan-daang taong namatay sa gulang na kinse anyos, disisais anyos. Unti-unti silang namamatay bawat oras. Kaya't ano nga ba ang kabuluhan ng edad mo! Ano'ng ginagawa mo tungkol sa oras na kinabubuhayan mo? Ano'ng ginagawa mo para kay Jesus sa oras na ito? Kita n'yo? Oh, nais ko Siyang makita. Nais kong makita ang oras na kapag tumingin akoay makikita kong nababago ang matandang mga katawang ito, makikita kong ang mga ito'y "napapalitan sa isang sandali, sa isang kisap-mata." Kung hindi totoo iyan, tayo na ang pinakamangmang na mga tao; kumain, uminom, magpakasaya na lang tayo, sapagkat bukas ay mangamamatay na tayo; kita n'yo, para lang kayong isang hayop, pag namatay kayo, mapupunta kayo

sa lupa at iyon na iyon. Ngunit mayroong mortal...imortal na kaluluwa na nabubuhay sa iyong kalooban, kapatid. Nakarinig na tyao mula sa Langit. Nakita na nating napatunayan iyon. Alam na natin na Siya nga ay Diyos, at Siya ang nagbibigay ng gantimpala sa mga masikap na nagsisihanap sa Kaniya.

Ngayon, mga kabahagi ng Katawan ni Cristo, habang inaawit natin itong muli, nais kong maupo lang kayo sa inyong mga upuan at kayo'y magkamayan sa isa't-isa habang inaawit natin itong muli. Ma... (batiin lang ninyo ang mga kapatid ninyong lalaki't babae) Mahal Siya Pagkat...(Richard!)...'ko Nag-alay ng kaligtasan Sa Kalbaryo

107 Mahal ba ninyo Siya? Sabihin ninyo, "Amen." [Ang kongregasyon ay nagsabi ng "Amen." -Ed.] Mahal ba ninyo ang Knaiyang layunin? Sabihin ninyo, "Amen." ["Amen!"] Mahal ba ninyo ang Kaniyang Salita? ["Amen!"] Mahal ba ninyo ang Kaniyang Katawan? Sabihin ninyo, "Amen." ["Amen!"] Kug gayon, magmahalan kayo sa isa't-isa. Tama. "Sa pamamagitan nito ay malalaman ng lahat ng tao na kayo'y mga alagad Ko, kapag may pag-ibig kayo sa isa't-isa." Ngayon pinatungan ko na ng aking mga kamay ang mga panyong ito, kung kailangan ninyong makuha ang mga ito bago gumabi.

108 Hinihiling ko kay Brother Blair...Sinagot ng Diyos ang panalangin niya, siya at ang kaniyang kapatid na lalakit na naririto, nananalangin sila nung isang araw, upang muling mabuhay ang mga batang lalaking ito na nakaupo sa ating kalagitnaan ngayon, buhay, dahil sa kanilang pananampalataya sa Diyos. At ngayon ay papanalanginin ko siya upang pauwiin tayon sa isang panalangin, sa ialng sandali lamang, upang makabalik tayong muli mamayang gabi. Mga limang minuto na makalipas ang ikalabindalawa, sa orasang iyan. At nais kong bumalik kayo mamayang gabi, kung magagawa ninyo, kung naririto kayo sa malapit. Kung kailangan ninyong umuwi, patnubayan nawa kayo ng Diyos sa daan, at kung nais ninyong manatili, maaari kayong manatili. Sumainyo nawa ngayon ang Diyos. Hanggang sa muli, hanggang sa muli, Mag (itaas natin ang mga kamay natin sa...) sa paanan ni Jesus; Hanggang sa muli, hanggang sa muli, Ang Diyos ang magpala hanggang sa muli.

[Nagsimulang ihimig ni Brother Branham ang Hanggang sa Muli - Ed.] Ganiyan dapat nililinisan ang bahay ng Diyos, puspos ng panalangin, may pagpapakumbaba, nagtitiwalang magkikita tayong muli mamayang gabi. Kung hindi, "Sumainyo nawa ang Diyos hanggang sa muli nating pagkikita!" Magsiyuko tayo ngayon. Brother Blair.

MESSAGE online hub

www.messagehub.info

Pangangaral ni

William Marrion Branham

"... sa mga araw ng tinig ..." Apocalipsis 10:7